

231

3



MASUSING GABAY SA UMRAH AT HAJJ



The Cooperative Office For Call & Guidance At Al-Badiah

Under The Supervision Of The Ministry Of Islamic Affairs Endowment Guidance & Propagation

P.O.Box 24932 Riyadh 11456 - Tel 4330888 - Fax 4301122

Ang Aklat na Ito ay Lathalain at Kaloob

ng:

الجمعية الإسلامية للمعلومات والدعوة

**Islāmic Society for Information & Propagation
[ISIP]**

sa pakikipag-tulungan ng

The Cooperative Office for Call Guidance in Badiah

Ipinahihintulot ang paglimbag ng aklat na ito upang ipamahagi nang libre sa kundisyon na walang anumang gagawing pagbabago maliban sa pabalat nito. Ang sinuman na magnanais na ilimbag ito sa layuning ipagbili ay mangyaring makipag-ugnayan muna sa bumubuo sa lupon ng ISIP sa pagsasalin at pamamatnugot.

فهرست مكتبة الملك فهد الوطنية أثناء النشر

كستليو ، عبد الملك بيرنادر

أكمل دليل من رسائل العمرة والحج باللغة الفلبينية تجالو . / عبد الملك بيرنادر

كستليو . - الرياض ، ١٤٢٩هـ .

١٢٠ ص ، ١٧ × ٢٤ سم

ردمك : ٨- ٠٨ - ٨٠٢١ - ٦٠٣ - ٩٧٨

أ . العنوان

١٤٢٩/٦٣٤١


٢- العمرة

١- الحج

ديوي : ٢٥٢.٥

رقم الإيداع : ١٤٢٩/٦٤٤١

ردمك : ٨- ٠٨ - ٨٠٢١ - ٦٠٣ - ٩٧٨



“Labbayk
allāhumma labbayk,
labbayka
lā sharīka laka
labbayk,
innal hamda
wan-nīmata
laka wal mulk,
lā sharīka lak.”

Masusing Gabay
sa Pagsasagawa ng Ûmrah at Hajj

ANG MGA NILALAMAN

Paunang Salita	7
Ûmrah at Hajj	9
And Kundisyon ng Ûmrah at Hajj	11
Ang Mga Kaasalan sa Ûmrah at Hajj	13
Mga Bagay na Dapat Isaalang-alang Bago Isagawa ang Ûmrah at Hajj	14
Mga Bagay na Dapat Isagawa Habang Naglalakbay	17
Mga Payo at Mungkahi Habang Nagsasagawa ng Ûmrah at Hajj	19
Ang Ûmrah	20
Mga Rukn o Haligi ng Ûmrah	21
Ang mga Wajib (Kailangan Gawin) sa Ûmrah	22
Mga bid'ah na kadalasang ginagawa sa panahong ng Ûmrah	
Ang Ihrām	23
Ang mga Mīqāt	24
Ang Sunnah ng Ihrām na kailangang isagawa pagdating sa Mīqāt	26
Mga bagay na ipinagbabawal (mahdhūrāt) habang nasa sandali ng Ihrām	29
Ang Tawāf	32
Mga takdang gawain sa pagsasagawa ng Tawāf	33
Mga takdang gawain pagkatapos isagawa ang	38

Masusing Gabay
sa Pagsasagawa ng Òmrah at Hajj

Tawāf	
Ang Sa'iy	39
Mga takdang gawain sa pagsasagawa ng Sa'iy	
Ang Hajj	42
Mga Rukn o Haligi ng Hajj	44
Ang Mga Wajib sa Hajj	44
Ang Mga Uri ng Hajj	45
Ang at-Tamattu'	
Ang Qirān	
Ang Ifrād	
Limampung Bagay na Maaaring Gawin sa Panahon ng Hajj	46
Mga Takdang Gawain sa Pagsasagawa ng Hajj (Hajj at-Tamattu')	48
Sa Ika-8 Araw ng Dhul Hijja (Araw ng Tarwiyah)	50
Sa Ika-9 Araw ng Dhul Hijja (Sa Araw ng 'Arafah)	51
Sa Ika-9 Araw ng Dhul Hijja (Gabi sa Muzdalifah)	53
Sa Ika-10 Araw ng Dhul Hijja (Sa Araw ng 'Eid)	55
Sa Ika-11, Ika-12 at Ika-13 Araw ng Dhul Hijja	58
Ang Pagdalaw sa Madīna	61
Masjid ng Propeta (sas)	
Mga bid'ah ng kadalasang ginagawa kapag bumibisita sa Madīna	
Mga Dhikr at Duā sa Araw at Gabi	62
Ang Kahalagahan ng Dhikr at Duā	64
Pang-araw-araw na mga Dhikr at Duā	
Panalangin Para sa Propeta ﷺ	68
Duā Bago Matulog	69
Duā Kapag May Napanaginpan	71
Duā Pagkagising	

Masusing Gabay sa Pagsasagawa ng Òmrah at Hajj

Duà Bago Pumasok ng Palikuran	71
Duà Kapag Lumabas ng Palikuran	
Dhikr Bago Magsagawa ng Wudu	72
Dhikr Pagkatapos ng Wudu	
Dhikr Kapag Nakarinig ng Adhan	73
Dhikr Pagkatapos ng Adhan	
Dhikr Kapag Lalabas ng Bahay	74
Dhikr Kapag Papasok ng Bahay	
Dhikr Kapag Papasok ng Masjid	75
Dhikr Kapag Lalabas ng Masjid	
Dhikr Bago Kumain	76
Dhikr Pagkatapos Kumain	
Mga Pangkaraniwang Dhikr Pagkatapos ng Fard na Salāh	80
Mga Surah na Dapat Sauluhin	80
Sūrat Al-Fātihah	
Sūrat Al-Kāfirūn	
Sūrat An-Nasr	
Sūrat Al-Masad	
Sūrat Al-Ikhlās or At-Tawhid	
Sūrat Al-Falaq	
Sūrat An-Nās	
Mga Karagdagang Babasahin	90
Duà as-Safar	97
Last Minute – Judgment Day	99
Samut-Sari	102
Pansariling Impormasyon	104
Mga Blankong Papel na Nakalaan sa Pagsulat	106
Mapa	114

Masusing Gabay sa Pagsasagawa ng Òmrah at Hajj

PAUNANG SALITA

Ang lahat ng papuri ay para kay Allāh ﷻ (Subhanahu wa t̃aala¹) lamang, ang Panginoon ng sanlibutan. Ang pagpapala at ang pagbati ni Allāh ay mapasalihat ng propeta, kay Propeta Muhammad ﷺ (Sallallāhu ‘Alayhi wa Sallam²) at gayundin sa kanyang pamilya, mga kasamahan at sa mga taong tumatahak sa matuwid na landas hanggang Araw ng Pagtutuos.

Kami ay nagpapasalamat kay Allāh ﷻ ang nagbibigay ng lahat lalo na ng karunungan na at kakayahan sa mga bumubuo sa lupon ng ISIP sa pagsasalin at pamamatnugot. Ang aklat na ito ay nagmula sa isinulat ng kapatid na si **Eisa Batallones** na may pamagat na “Gabay sa Umrah at Hajj” na ang buong karapatan ay ipinagkaloob sa ISIP. Kung kaya isinaayos at lalo pang pinagbuti ng mga bumubuo ng lupon ng pagsasalin ng ISIP para sa kapakinabang ng mga magsasagawa ng Òmrah at Hajj.

Ang mga munting pagpupunyaging ito ay aming inihahandog lamang kay Allāh sa Kanyang ikalulugod at sa ating mga kapatid sa Islām na nagnanais na gampanan ang isang tungkulin sa pananampalatayang Islām upang maisagawang ganap ang limang haligi nito. Inshā Allāh, sa pamamagitan ng aklat na ito ay mailalahad namin ang tamang pamamaraan sa pagsasagawa ng mga takdang gawain ng Òmrah at Hajj at naway magdulot ito ng sapat na kaalaman upang sa ganun ang mga pagsamba natin ay maging katanggap-tanggap kay Allāh ﷻ. Nawa’y gawin ni Allāh ﷻ na lagi nang dalisay ang aming mga puso sa aming mga pagsamba at gawain na ang hangad ay walang iba kundi ang kaluguran Niya. Amīn.

Samantala, nais pong ipabatid ng bumubuo sa lupon ng ISIP sa pagsasalin at pamamatnugot na ang salitang “**Allāh**” ay ang pansariling pangalan ng Panginoong Diyos sa wikang Arabe. Ito ay isang pangngalang pantangi at hindi pangngalang pambalana, kaya ang mga panandang gagamitin sa pagtukoy sa pangalang Allāh ay SI, NI at KAY at HINDI ANG, NG at SA. Samakatuwid ang tama ay sabihing: **SI** Allāh,

¹ ﷻ Subhanahu wa T̃a’ala (swt): Kataastaasan. Binabanggit ito sa tuwing tinutukoy si Allāh.

² ﷺ Sallallāhu ‘Alayhi wa Sallam (sas): Sumakanya ang pagpapala at kapayapaan ni Allāh. Binabanggit ito sa tuwing tinutukoy si Propeta Muhammad (sas).

Masusing Gabay sa Pagsasagawa ng Ûmrah at Hajj

NI Allāh at **KAY** Allāh. Ito ang paninindigan ng pinakamataas na awtoridad sa wikang Filipino, ang **Komisyon sa Wikang Filipino**; at ito rin ang paninindigan ng **Ministry of Islāmic Affairs** sa Saudi Arabia.

Minabuti nating banggitin ang bagay na ito upang maging malinaw sa lahat kung ano ang tamang pantukoy sa pangngalang pantangi ng Panginoon natin.

Ang mga talata ng Qur'ān o ang mga Hadīth na sinipi rito ay salin mula sa wikang Arabe—ayon sa kakayahan ng mga tagapagsalin—ng kahulugan ng Salita ni Allāh ﷻ, o ng salita ni Propeta Muhammad ﷺ.

Ang gawang ito ay isang gawang-tao kaya hindi maiiwasan na maaaring magkaroon ng ilang kamalian sa kabila ng masinsinang pagsisikap sa panig ng may-akda, tagapatnugot at taga-ayos. Anumang puna hinggil sa nilalaman ng aklat na ito ay maaaring makipag-ugnayan sa mga sumusunod:

Abdul Malik Castillo

Mobile No.: 05697474889

E-Mail Address: malikastilyo@yahoo.com

Website: www.islamisip.webs.com

Inshā Allāh patawarin tayo ni Allāh sa lahat ng ating mga pagkakamali at tanggapin ang ating mga mabubuting gawa at panatilihing dalisay ang ating mga puso. Tunay na siya ang Mapagpatawad at Maawain. Wa sallallāhu àlayhi wa sallam!!! Amīn.

Islāmic Society for Information & Propagation [ISIP]

Ang Ûmrah at Hajj

Hinihiling natin kay Allāh
na tanggapin ang ating Hajj.

Hajj Mabrūr
Inshā Allāh

Masusing Gabay
sa Pagsasagawa ng Ûmrah at Hajj

ANG KUNDISYON NG ÛMRAH AT HAJJ

1. Muslim
2. Sapat na gulang(bāligh)
3. Sapat at matinong pag-iisip ('āqil)
4. Kakayahan sa pangangatawan at pananalapi
5. Malaya
6. Sa kababaihan, kailangan na may kasamang **mahrām**¹

Ang pagsasagawa ng Ûmrah at Hajj ay tungkulin ng bawat Muslim (lalake man o babae) na may sapat na gulang (11 taon pataas), may sapat na pag-iisip at may sapat na kakayahan. Ang Hajj ay sapat nang maisagawa ng isang beses sa tanang buhay, samantala ang Ûmrah ay maaaring isagawa kahit ilang ulit. Ang sabi ni Allāh;

وَأَنْفِقُوا فِي سَبِيلِ اللَّهِ وَلَا تُلْقُوا بِأَيْدِيكُمْ إِلَى التَّهْلُكَةِ وَأَحْسِنُوا إِنَّ اللَّهَ يُحِبُّ الْمُحْسِنِينَ ﴿١٦٥﴾ وَأَتِمُّوا الْحَجَّ وَالْعُمْرَةَ لِلَّهِ فَإِنْ أُحْصِرْتُمْ فَمَا اسْتَيْسَرَ مِنَ الْهَدْيِ وَلَا تَحْلِقُوا رُءُوسَكُمْ حَتَّى يَبْلُغَ الْهَدْيُ مَحَلَّهُ ۚ فَمَنْ كَانَ مِنْكُمْ مَرِيضًا أَوْ بِهِ أَذًى مِّن رَّأْسِهِ ۖ فَفِدْيَةٌ مِّن صِيَامٍ أَوْ صَدَقَةٍ أَوْ نُسْكَ ۚ فَإِذَا أُمِنْتُمْ فَمَن تَمَتَّعَ بِالْعُمْرَةِ إِلَى الْحَجِّ فَمَا اسْتَيْسَرَ مِنَ الْهَدْيِ ۚ فَمَن لَّمْ يَجِدْ فَصِيَامٌ ثَلَاثَةِ أَيَّامٍ فِي الْحَجِّ وَسَبْعَةٍ إِذَا رَجَعْتُمْ ۚ تِلْكَ عَشْرَةٌ كَامِلَةٌ ۚ ذَٰلِكَ لِمَن لَّمْ يَكُنْ أَهْلُهُ حَاضِرِي الْمَسْجِدِ الْحَرَامِ ۚ وَاتَّقُوا اللَّهَ وَاعْلَمُوا أَنَّ اللَّهَ شَدِيدُ الْعِقَابِ ﴿١٦٦﴾

¹ Ang *mahrām* ay ang asawa ng isang babae o sinumang lalake na hindi niya maaaring mapangasawa maging ito man ay kanyang ama, kapatid na lalake, tiyuhin o pamangkin na lalake.

Masusing Gabay sa Pagsasagawa ng Ûmrah at Hajj

“Isigawa ninyo ang Hajj at ang Ûmrah para kay Allāh. Subalit kung nahadlangan kayo, mag-alay ng anumang makakayanan na handog. Huwag ninyong ahitin ang mga ulo ninyo hanggang hindi nakararating ang Handog sa pinag-aalayan nito. Ang sinuman sa inyo na may karamdaman o may sakit sa ulo ay magbigay ng pantubos na pag-aayuno o kawanggawa o handog. Kung naging matiwasay na kayo, ang sinumang magsasagawa ng Ûmrah na pasusundan ng Hajj ay mag-aalay ng anumang makakayanan na handog. Ngunit ang sinumang walang natagpuan na maialay ay magsasagawa ng pag-aayuno na tatlong araw sa panahon ng Hajj at pitong araw kapag nakauwi na kayo; iyon ay ganap na sampu. Iyon ay para sa sinuman na hindi nakatira sa paligid ng al-Masjid al-Harām. Mangilag kayong magkasala kay Allāh at pakaalamin ninyo na si Allāh ay matindi ang pagpaparusa.”¹

Ang ibig sabihin ng “kakayahan” ay ang kakayahan na magkaroon ng gugugulin at masasakyan na makakasapat sa kanya para sa pagpunta sa Makkah at pag-uwi mula dito. Kabilang rito ang pagkain, inumin, kasuotan, at transportasyon. Ang panggastos na ito ay ang labis na salapi mula sa gastusin ng pamilya at lahat ng pangangailangan ng mga umaasa sa kanya habang siya ay wala hanggang makabalik. Bahagi rin ng kakayahan ang pagkakaroon ng katiwasayan sa dadaanan papunta at pabalik mula sa Makkah at ang kalusugan ng katawan: walang sakit at kapansanang makasasagabal sa pagsasagawa ng Ûmrah o Hajj.

Karagdagan sa mga nabanggit, isang kundisyon para sa mga kababaihan ang magkaroon ng kasamang mahrām kung magsasagawa ng Ûmrah o Hajj.

Kaya ang sinumang nagtataglay ng isa sa mga hadlang sa mga kakayahang nabanggit ay hindi obligado sa kanya ang magsagawa ng Ûmrah o Hajj hanggang sa nawala ang mga ito at saka pa lamang siya nagkakaroon ng tungkuling ganapanan ito.

¹ Qur’ān 2:196

Masusing Gabay sa Pagsasagawa ng Òmrah at Hajj

At sinabi pa ni Allāh:

وَلِلّٰهِ عَلَى النَّاسِ حِجُّ الْبَيْتِ مَنِ اسْتَطَاعَ اِلَيْهِ سَبِيْلًا ۚ وَمَنْ كَفَرَ فَاِنَّ اللّٰهَ
غَنِيٌّ عَنِ الْعٰلَمِيْنَ ﴿١٧﴾

“...At kay Allāh mula sa mga tao ay tungkulin na dumalaw sa Bahay [Kabah] sa sinumang may kakayahan makatagpo ng paraan makapunta dito. Sinuman ang hindi sumampalataya [tumanggi] magkagayun, katotohanan si Allāh ay malaya sa anumang pangangailangan.

ANG MGA PAG-UUGALI SA ÒMRAH AT HAJJ

Ang Òmrah at Hajj ay hindi oras o panahon ng mga walang kabuluhang bagay. Hindi rin ito sandali ng pamamasyal at pagliliwaliw, paglalaro o pakikipagtalo ng walang kabuluhan o anupamang bagay na walang saysay. Bagkus, ang Òmrah at Hajj ay isang pagkakataon ng pagsasagawa ng isang napakadakilang pagsamba para kay Allāh sa banal na lugar. Ito ay nararapat na isagawa na ang tanging layunin ay ang ikalulugod Niya at mapalapit sa Kanya, kung kayat ito ay nararapat na isagawa kalakip ang mga sumusunod.

Una:

Ang taimtim at dalisay na pag-aalay ng lahat pagsamba at pagpapasakop kay Allāh lamang, na may katapatan, paggalang, pamimitagan at pagmamahal at walang pagkukunwari ni pagmamataas. Mithiin na magkamit ng magandang biyaya sa mundong ito at sa kabilang buhay at mailigtas ni Allāh sa pagdurusa sa apoy.

Pangalawa:

Ang pagsunod sa mga pamamaraan ng Propeta Muhammad ﷺ maging sa salita man o sa gawa. Ang mga ito ay hindi maisasagawa kung hindi pag-aaralan ang mga turo ng Mahal na Propeta ﷺ.

Masusing Gabay sa Pagsasagawa ng Ûmrah at Hajj

Ayon kay Abu Hurairah ؓ ang sugo ni Allāh ﷻ ay nagsabi: **“Ang relihiyon ay pinadali at ang sinuman sa kanila ang nagsabi na ang kanilang relihiyon ay mahirap para sa kanila ay hindi nila ito maipagpapatuloy sa ganung paraan. Magkaganun, ikaw ay hindi nararapat na maging sukdulan dito (kulang o higit), datapwat dapat mong subukan na maging malapit ito sa katotohanan at ng sa ganun ay makatanggap ng mabuting balita na ikaw ay gagantimpalaan; at magkamit ng lakas sa pag-aalay ng mga dasal sa umaga, tanghali at maging sa huling oras ng gabi.”** (1:38 – O.B.)

Kung kayat pakatandaan na ang pinakatatanging takdang gawain sa panahon ng Ûmrah at Hajj ay ang pagsasagawa ng mga **dhikr** (pagbanggit at pagbigkas ng mga pagpupuri at pagdakila kay Allāh) tulad ng: **tasbeeh** (ang pagbigkas ng kaluwalhatian ni Allāh sa pamamagitan ng pagsabi ng **“Subhānallāh”**); **tahmeed** (ang pagbigkas ng papuri kay Allāh sa pamamagitan ng pagsabi ng **“Al-Hamdulillāh”**); **tahleel** (pagbigkas ng pagpapatunay sa kaisahan ni Allāh sa pamamagitan ng pagbigkas ng **“La ilaha illallāh”**); **takbeer** (ang pagbigkas ng kadakilaan ni Allāh sa pamamagitan ng pagsabi ng **“Allāhu Akbar”**); at **istighfār** (ang pagbigkas ng paghingi ng kapatawaran kay Allāh sa pamamagitan ng pagsabi ng **“Astaghfirullāh”**).

Pagsumikapan din na makapagbigay ng anumang paalaala na nakabubuti sa mga manlalakbay. Nararapat na handang tumulong sa kapwa, maging mahabagin at maawain sa mga mahihina. Ang pagiging maawain ay kalugud-lugod sa paningin ni Allāh sapagkat si Allāh ay maawain sa Kanyang mga alipin na maawain.

Umiwas sa mga kalaswaan, imoralidad at maging ang pakikipagtalo sa walang-kapararakan. Ngunit kung ang pinagtatalunan ay nakabubuti sa pangkalahatan nararapat na ito ay ipaliwanag ng mahusay na may matibay na mga batayan. Sikaping huwag gumawa ng mga bagay na bawal.

Iwasan ang pagiging agresibo o makapinsala sa kapwa. Iwasan ang manakit, gumawa ng malisyosong kuwento, manirang-puri. Huwag tumingin ng may malisiya sa mga kababaihan at lalo na ang makipag-usap ng mga usapang nagbibigay daan sa mga kasalan. Katunayan, ang lahat

Masusing Gabay sa Pagsasagawa ng Ûmrah at Hajj

ng ito ay ipinagbabawal sa Islam sa lahat ng pagkakataon – maging wala man sa kalagayan ng Ihrām. Subalit mas malaki ang kasalanan kung ang mga ito ay ginawa habang nasa kalagayan ng Ihrām.

Iwasang gumawa ng mga bagay na hindi alinsunod sa pagsasagawa ng mga takdang gawain ng Ûmrah at Hajj na maaaring tularan ng iba. Kagaya halimbawa ng pagsasagawa ng **ramy**¹ sa **Jamrāt**². Sa pag-aakala na ang “ang binabato ay si Shaytan” kadalasan na ang ginagamit sa pagbato ay sapatos, tsinelas, atbp, ito ay taliwas sa mga alintuntunin ng pagsasagawa ng ramy.



Ang Larawan ng Masjid Al Harām sa panahon ng Hajj

¹ Ang *ramy* ay ang pagbato sa mga *Jamrāt*. Ang mga *Jamrāt* ay isa-isang binabato ng pitong maliliit na bato habang nagsasabi ng Allāhu akbar sa bawat pagbato.

² *Jamrāt* (maramihan), *Jamrah* o *al-Jamrah* (isahan). Ang mga haligi (ngayon ay pader na) na binabato o pinagsasagawaan ng *ramy*. Ito ay ang mga *Jamrah as-Sughrā*, *Jamrah al-Wustā* at *Jamrah al-Kubrā*.

Masusing Gabay
sa Pagsasagawa ng Òmrah at Hajj

**MGA BAGAY NA DAPAT ISAALANG-ALANG BAGO
ISAGAWA ANG ÒMRA AT HAJJ**

- Nararapat na ihanda ang sarili, kaisipan at puso (**niyāh**) na ang isasagawang Òmrah at Hajj ay isang dakilang pagsamba para sa Tagapaglikha sa banal na lugar. Kung kayat mithiin na ang isasagawang pagsamba ay para sa Kanyang ikalulugod at upang mapalapit sa Kanya.
- Kapaki-pakinabang na mapag-aralan (maaaring sa pamamagitan ng pagbabasa o pagtatanong) ang mga alintuntunin at mga takdang gawain sa pagsasagawa ng Òmra at Hajj bago lisanin ang tahanan para maisagawa ito ng tama at katanggap-tanggap at upang maiwasan ang mga **bidāh**¹. Pagsumikapang maibahagi ang mga ito sa kapwa manlalakbay.
- Dapat pagsisihan ang mga kasalanan at humingi ng kapatawaran sa mga taong nagawan ng kasalanan.
- Gampanan ang mga tungkulin na ipinagkatiwala at bayaran ang mga pagkakautang.
- Mainam na isulat ang “huling habilin” (last will and testament) na may mga saksi.
- Ipinagbabawal sa Islām na tumanggap at gastusin ang perang galing sa masama (halimbawa ng sugal, nakaw, patubo, atbp) sapagkat ang mga ito ang naghahadlang sa mga duā (panalangin) upang ito ay tugunin ni Allāh.
- Kanais-nais na magpaalam sa pamilya, kaibigan at kapitbahay.
- Mainam na magdala ng mga gamot para sa tiyan, ulo, ngipin, lagnat, atbp.

¹ Bidāh - Mga makabagong pamamaraan ng pagsamba na hindi isinagawa ng Propeta (sas) o maging ang mga Sahaba. Ito ay labag sa katuruan ng Islām.

Masusing Gabay
sa Pagsasagawa ng Òmrah at Hajj

- Kung ikaw ay umiinom ng gamot siguraduhin na dala ito palagi. Dapat na nakasulat sa isang kapisang papel (na kung sa sandaling kailanganin ito ay madaling makuha para sa iyo) kung anong taglay na karamdaman.

**MGA BAGAY NA DAPAT ISAGAWA HABANG
NAGLALAKBAY**

- Sikapin na magkaroon ng mga kasamang may sapat na kaalaman o nag-aaral sa Islam at mapagkakatiwalaan upang magiging gabay, kaagapay at makapagpapaalala na sundin at katakutan lagi si Allāh.
- Iwasang makasakit ng tao sa salita at gawa.
- Sunnah na magtalaga ng Ameer upang mamuno sa pangkat.
- Kapuri-puri sa isang manlalakbay na magsagawa ng mga kusang-loob na pagsamba o **Nāfilah**.
- Kanais-nais na maglakbay sa gabi at sa araw ng Huwebes, ayon sa sinabi ng Propeta ﷺ, subalit kung hindi ito maisasagawa ay gawin ito ng Lunes.
- Kanais-nais na bigkasin ang “Duà as-Safār” o “panalangin sa paglalakbay” ng ganito;

“Allāhu akbar, Allāhu akbar, Allāhu akbar; subhānal ladhī sakhkhara lanā hādhā, wa mā kunnā lahū muqrinīn, wa innā ilā rabbīnā lamunqalibūn; Allāhumma innā nasāluka fī safarinā hādhā birra wat taqwā wa minal àmali mā tardā; Allāhumma hawwin àlaynā safaranā hādhā, watwi ànnā bùdah;

Allāhumma antas sāhibu fis safar, wal khalīfatu fil ahli; Allāhumma innī àūdhu bika min wàthāis safar, wa kàābatil mandhar, wa sūil mun-qalabi fil māli wal ahli.”

– na ang pinakamalapit na kahulugan ay, “Si Allāh ay Dakila, si Allāh ay Dakila, si Allāh ay Dakila. Kaluwalhatian sa Kanya na nagpagamit sa atin nito, at tayo ay hindi makakayang gawin ito. Tunay na tayo sa ating Panginoon ay talagang magsisibalikan. O Allāh, tunay na kami ay humihiling sa Iyo sa paglalakbay na ito namin ng kabutihan, pangingilag sa pag-kakasala, at gawang Iyong ikinalulugod. O Allāh, pagaanin Mo po sa amin ang paglalakbay na ito namin at paiksiin Mo po para sa amin ang layo nito. O Allāh, Ikaw po ang kasama sa paglalakbay at ang pinag-iwanan sa mag-anak. O Allāh, tunay na ako po ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa hiras ng paglalakbay, laban sa panglaw ng tanawin, laban sa anumang masaklap na mangyayari sa aming ari-arian at mag-anak.”

- Kapag pauwi na ay bigkasin ang nabanggit na du‘ā’ sa itaas at idagdag ang sumusunod;

“āyibūna, tālbūna, ‘ābidūna, lirabbīnā hāmidūn.”

– na ang pinakamalapit na kahulugan sa Tagalog ay; “Umuwi na nagbabalik-loob, na sumasamba, na nagpupuri sa Panginoon natin.”

- Kanais-nais na bigkasin ang **takbeer (Allāhu Akbar)** kung papaakyat at ang **tasbeeh (subhānAllāh)** kung papaba.
- Kung hihinto sa alinmang lugar mainam na bigkasin ang **“Du‘ā nuzul al-Manzil”** o **“panalangin sa pagtigil sa isang lugar”** ng ganito;

Masusing Gabay
sa Pagsasagawa ng Ûmrah at Hajj

“Āūdhu bikalimātillāhit tāmmāti min sharri mā khalāq.”

– na ang pinakamalapit na kahulugan sa Tagalog ay; **“Nagpapakupkop ako sa mga ganap na salita ni Allāh laban sa masama sa Kanyang nilikha.”**

Sinabi ng Propeta (sas); **“Sinuman ang umusal sa mga katagang ito ay protektado hanggang lisanin niya ang lugar na kanyang tinigilan.”**

- Pangalagaan ang dila laban sa mga walang kabuluhang salita.
- Dalasan ang pagsambit ng mga dhikr at mga dalangin. Isinalaysay ni Abu Hurairah (radiyallāhu anhu¹) na sinabi ng Propeta (sas) na; **“Ang tatlong panalangin na tinutugon ng walang pag-aalinlangan ay Ang du‘ā’ ng mga inaapi, ng mga manlalakbay, at ang du‘ā’ ng ama para sa Kanyang anak (lalake man o babae).”**
- Pagsumikapang maging abala sa paggawa ng kabutihan; halimbawa ay ang pagbabasa ng Qur‘ān, makinig sa mga magagandang mensahe, pagbabasa ng mga aklat at marami pang iba.
- Magsisikap ang Muslimah sa pagtatakip ng sarili, pagsusuot ng Hijāb at pag-iwas na makihalubilo sa mga lalaking hindi mahrām.
- Ang manlalakbay ay kinakailangan na gampanan ang Salātul Witr at Sunnah Rawātib ng Salātul Fajar.

**MGA PAYO AT MUNGKAHI HABANG NAGSASAGAWA NG
ÛMRAH AT HAJJ**

- Mga Kapatid iwasan ang magkasala sa panahon ng Ûmrah at Hajj. Magpigil sa mga kasalanan na makaka-apekto sa iyo, lalung-lalo na

¹ (RA): *Radiyallāhu ‘Anhu* para sa lalaki, *Radiyallāhu ‘Anhā* para sa babae, *Radiyallāhu ‘Anhum* para sa marami; ang ibig sabihin nito ay: Kalugdan siya (o sila) ni Allāh. Ito ay panalangin binabanggit sa tuwing nababanggit ang pangalan o taguri ng kasamahan o asawa ni Propeta Muhammad (sas).

Masusing Gabay sa Pagsasagawa ng Ûmrah at Hajj

ang paghithit ng sigarilyo na isang gawaing bawal kahit hindi sa panahon ng Hajj. Humiling kay Allāh sa araw ng Hajj na paginhawain ka nawa sa mga araw na ito.

- Palagiang dalahin ang inyong mga “ID Cards”. Siguraduhing nakasuot ang “tag” na naglalaman ng “Phone Number” at lokasyon ng inyong Grupo sa Makkah at Minā.
- Mainam din na magdala ng “pocket size” na Qur’ān upang tuwing magkaroon ng pagkakataon ay basahin ito.
- Iwasan na tumayo sa direktang init ng araw sa panahon na magsasagawa ng Salātul Dhuhṛ at Asr ... upang hindi ka magkaroon ng “sunstroke”.
- Sikaping huwag makasakit, makaabala o makaistorbo sa inyong mga kapatid na nagsasagawa rin ng Hajj.
- Huwag makipagtalo sa mga walang katuturan bagay o gumamit ng masasamang salita sa panahon na ikaw ay nagsasagawa ng Hajj.
- Mga kapatid huwag ninyong ahitin ang inyong balbas.
- Huwag magsuot ng gintong singsing o kahit anong ginto sapagkat ang ginto ay ipinagbabawal sa mga kalalakihan.
- Mahal kong kapatid, alamin na ang ating **deen** ay **deen** ng kalinisan. Si Allāh ﷻ ay nagwika sa Sūratul Muddath-thir; **“At linisin ang inyong kasuutan.”** Mahal ni Allāh ang mga tao na malilinis at yaong mga humihingi ng kapatawaran.


ANG ÛMRAH

Ang ‘Umrah sa literal na kahulugan ay **“pagdalaw”**. Ayon naman sa batas ng Islām ito ay ang pagsamba kay Allāh sa pamamagitan ng pagsagawa ng Ihrām, pagpunta sa Makkah, ang pagsasagawa ng Tawāf sa

Masusing Gabay sa Pagsasagawa ng Ûmrah at Hajj

palibot ng Ka'bah, pagsasagawa ng Sa'y sa pagitan ng as-Safā at al-Marwa at ang pagpapaahit ng ulo o pagpapagupit ng buhok.

Balangkas ng Harām (Birds Eye View)



MGA RUKN O HALIGI NG ÛMRAH

1. **Ihrām**
2. **Tawāf**
3. **Sa'y**

Paalaala

Ang Ûmrah ay walang saysay kung may nakaligtaan na isagawa kahit isa man lamang sa nabanggit na mga Haligi ng Ûmrah hanggat hindi naisasagawa ang nakaligtaan.

Masusing Gabay sa Pagsasagawa ng Ûmrah at Hajj

ANG MGA WAJIB (KAILANGANG GAWIN) SA ÛMRAH

1. Ang pagsasagawa ng Ihrām sa mīqāt.
2. Ang pagpapagupit ng buhok o pagpapaahit ng ulo.

Paalaala

Ang sinumang may nakaligtaang gawin na kahit isa man lamang sa mga nabanggit na mga Wajib sa Ûmrah ay kailangang magbayad ng **fidyah**¹ sa pamamagitan ng pag-alay ng **hady**². Ipamimigay ito sa mga naninirahan sa Harām (sa loob ng Makkah).

MGA BID'AH NA KADALASANG GINAGAWA SA PANAHOON NG ÛMRAH

1. Paniniwala na maglaan ng espesyal na tsinelas para sa pagsasagawa ng Ûmrah.
2. Pagpasok sa kalagayan ng Ihrām bago sumapit sa lugar ng mīqāt.
3. Pagsasagawa ng Ûmrah at Hajj ng tahimik.
4. Pagbigkas ng Talbiyah na naaayon sa tono ng grupo.
5. Paniniwala na magsagawa ng espesyal na paliligo para sa pagsasagawa ng Tawāf.
6. Pagsusuot ng medyas habang nagsasagawa ng Tawāf.
7. Pagsasagawa ng Tahiyatul Masjid (dalawang rak'ah) pagpasok ng al-Masjid al-Harām.
8. Itaas ang dalawang kamay kung nakaharap sa Itim na Bato.

¹ Ang *fidyah* ay nagsisilbing kabayaran sa pagkakamali o kasalanan. Ang mga *fidyah* ay hindi magkakatulad; kaya kapag nakagawa ng anuman sa mga nababanggit na ipinagbabawal, magtanong sa nakaaalam kung ano ang dapat gawin.

² Ang *hady* ay ang hayop na kinatatay bilang alay: isang tupa o kambing para sa isang tao o isang baka o kamelyo para sa pitong tao.

Masusing Gabay sa Pagsasagawa ng Ûmrah at Hajj

9. Paglalagay ng kanang kamay sa dibdib habang nagsasagawa ng Tawāf.
10. Pagsasagawa ng espesyal na du‘ā’ sa Iraqi Corner.
11. Paghalik sa al-Yamāni corner.
12. Paghalik sa dalawang Shami Corner.
13. Punasan ang dingding ng Ka‘bah.
14. Paghipo at paghalik sa Maqām Ibrāhīm.
15. Sadyaing magsagawa ng Tawāf kung umuulan sa paniniwala na ito ang makatutugon sa mga du‘ā’ na mapatawad ang kasalanan.
16. Ang paghiling ng biyaya habang ang tubig ay tumutulo na nanggaling sa bubong ng Ka‘bah.
17. Sadyaing hugasan ang pera at damit ng tubig ng Zamzam na may intensyon.
18. Akyatin ang tuktok ng as-Safā.
19. Magsagawa ng dalawang rak‘ah pagkatapos magsagawa ng Saiy.

ANG IHRĀM

Ang Ihrām ay isang kalagayan kung saan ang isang nagsasagawa ng Ûmrah o Hajj ay tumutupad sa ilang kautusan at mga pagbabawal na dati namang ipinahihintulot, dahil pumasok na siya sa sandali ng pagsasagawa ng Ûmrah o Hajj.

Ang sinumang nagnanais na magsagawa ng Hajj na nagmula sa labas ng Makkah ay kailangan magsagawa ng Ihrām sa isa sa mga mīqāt na itinakda ng Sugo (sas). Samantala ang mga naninirahan sa Makkah o sa pagitan ng Makkah at mga mīqāt ay maaaring isagawa ang Ihrām sa kanilang mga tahanan. Subalit ang ang magsasagawa ng Ûmrah na nagmula sa labas ng mīqāt ay dapat na magsagawa ng Ihram sa mīqāt subalit ang nasa loob ng hangganan ng Haram ay dapat na pumunta sa

Masusing Gabay sa Pagsasagawa ng Ûmrah at Hajj


lugar ng Tanīm o katulad na hangganan nito. (Tingnan ang larawan sa ibaba.)

Ang mga Mīqāt:

1. **Dhul-Hulayfah.** Ito ay isang maliit na nayon na malapit sa al-Madīnah at tinatawag sa ngayon na Abyar 'Ali. Ito ang mīqāt ng mga galing sa Madīnah.
2. **Qarn Al Manazil (as-Sayl al-Kabir).** Ito ay isang lugar na malapit sa Ta'if. Ito ang mīqāt ng mga galing sa Najd (ang kalagitnaan ng bahagi ng Saudi Arabia).
3. **Al-Juhfah.** Ito ay isang maliit na nayong malapit sa Rabigh. Ang mga tao sa ngayon ay nagsasagawa ng Ihrām sa Rabigh. Ito ang mīqāt ng mga galing sa Egypt, Syria, Jordan at Palestine.
4. **Yalamlam.** Ito ay mga 70 km buhat sa Makkah. Ito ang mīqāt ng mga galing sa Yemen.
5. **Dhat'Irq.** Ito ang mīqāt ng mga galing sa Iraq.



Masusing Gabay sa Pagsasagawa ng Ûmrah at Hajj



Mawāqit (Miqāt) ng Ihrām

Masusing Gabay sa Pagsasagawa ng 'Umrah at Hajj

Ang Sunnah ng Ihrām na Kailangang Isagawa Pagdating sa Mīqāt

Pagdating sa mīqāt kalugud-lugod na isagawa ang mga sumusunod na gawaing Sunnah bago pumasok sa kalagayan ng Ihrām:

Unang Hakbang:

Ang pagputol ng mga kuko sa mga daliri ng kamay at paa, ang pagbunot o ang pag-aahit ng buhok sa kilikili at sa maselang bahagi ng katawan at ang paggupit ng bigote.

Magsagawa ng **ghusl**¹. Ang pagsasagawa ng ghusl para sa 'Umrah ay hindi kinakailangan subalit kanais-nais itong isagawa.

Mahigpit na ipinapayo ang mga sumusunod:

Bago lisanin ang tahanan ay ahitin na ang dapat ahitin, putulin na ang dapat na putulin, gupitin na ang dapat gupitin at isagawa ang ghusl upang maiwasan ang abala dahil sa dami ng tao sa mīqāt.

Sa mga kababaihan, huwag gumamit ng anumang bagay na mabango na maaamoy ng iba at makakatawag ng pansin sa kalalakihan. Ngunit kinakailangan ding panatilihin ang pansariling kalinisan tulad ng paggamit ng sabon, shampoo, deodorant, lotion, anti perspirant, at iba pang mga kinakailangan ng kalinisang pambabac.

Sa mga kalalakihan, kinakailangan ding panatilihin ang pansariling kalinisan tulad ng paggamit ng sabon, shampoo, deodorant, lotion, anti perspirant at pinapayagan ding gumamit ng pabango sa katawan. Walang masama kung malagyan ng pabango mula sa katawan ang izār (puting tapis) at rida' (puting balabal) hanggat hindi pa naipapahayag ang layunin ng Ihrām.

¹ Ang *ghusl* ay ang paglilinis o paghuhugas ng buong katawan (paliligo) alinsunod sa katuruan ng Islām.

Masusing Gabay sa Pagsasagawa ng Ûmrah at Hajj

Pangalawang Hakbang:

Pagdating sa mīqāt at nakita mong lubhang napakahirap magsagawa ng ghusl dahil sa dami ng tao ay magsagawa na lamang ng wudu'. Hindi wajib ang maligo sa mīqāt.

Pangatlong Hakbang:

Sa mga kalalakihan, hubarin sa katawan ang anumang kasuutang pang-ilalim (gaya ng brief, kamiseta, salawal, T-shirt at medyas) bago magsuot ng izār (puting tapis) at rida' (puting balabal).

Samantala, ang kababaihan ay maaaring magsuot ng anumang maginhawang kasuutan na sang-ayon sa pagsasagawa ng Salāh – samakatuwid ang kababaihan ay hindi pinapayagang maglagay ng **niqāb**¹ at hindi pinapayagang magsuot ng mga guwantes. Ngunit kapag may mga lalaking hindi mahrām sikaping magtakip ng mukha at mga kamay – maaaring gamitin ang belo.

Paalaala:

Ipinahihintulot ang pagsuot ng anumang kakailanganin gaya ng sinturon, relo, salamin at iba pang katulad nito.

Pang-apat ng Hakbang:

Kanais-nais ang pagpunta sa Masjid, ang pagsasagawa ng Salāh kasama ng Jama'ah kapag oras ng Salāh at ang pagsasagawa ng dalawang rak'ah bilang Salāh na Sunnah para sa wudu'. Taliwas sa karaniwan na pinaniniwalaan na mayroong espesyal na Salāh para sa Ihrām.

Panglimang Hakbang:

Pagkatapos na maisagawa ang mga nabanggit sa itaas ay ipahayag ang pagpasok sa kalagayan ng Ihrām para sa Ûmrah o Hajj sa pamamagitan ng pagbigkas ng alin man sa sumusunod:

¹ Takip sa mukha para sa kababaihan.

Masusing Gabay sa Pagsasagawa ng Òmrah at Hajj

- a. **“labbayka òmrah¹”**; ito ay kapag nagnanais na magsagawa ng Òmrah lamang.
- b. **“labbayka òmratan mutamatti’am bihā ilal hajj²”**; ito ay kapag nagnanais na magsagawa ng Hajj na Tamattu’.
- k. **“labbayka òmratan wa hajja³”**; ito ay kapag nagnanais na magsagawa ng Hajj na Qirān.
- d. **“labbayka hajja⁴”**; ito ay kapag nagnanais na magsagawa ng Hajj na Ifrād.

Ang mga nabanggit sa itaas ay kailangang bigkasin ng naririnig at kung sasakay na sa sasakyan patungong Makkah.

Kung, ang isa ay may karamdaman o may kinakatakutan at nangangamba na hindi makumpleto ang takdang gawain ng ’Umrah, maaaring magtakda sa pagsasabi ng –

“Allāhumma in habasanī hābisun famahillee haythu habastanī.”

– na ang pinakamalapit na kahulugan sa Tagalog ay, **“O Allāh kung bahadlangan ako ng isang hadlang, ang hihintuan ng aking Ihrām ay kung saan mo ako hinadlangan.”**

Ang kahalagahan ng kundisyon na ito ay kung sakaling hindi natuloy ang Òmrah o Hajj, matapos maisagawa ang Ihrām, dahil sa ilang mga

¹ Ang pinakamalapit na kahulugan sa Tagalog ay, “bilang pagtugon sa lyong panawagan upang magsagawa ng Òmrah.”

² Ang pinakamalapit na kahulugan sa Tagalog ay, “bilang pagtugon sa lyong panawagan upang magsagawa muna ng Òmrah na pasusundan ng Hajj.”

³ Ang pinakamalapit na kahulugan sa Tagalog ay, “bilang pagtugon sa lyong panawagan upang magsagawa ng Òmrah at Hajj.”

⁴ Ang pinakamalapit na kahulugan sa Tagalog ay, “bilang pagtugon sa lyong panawagan upang magsagawa ng Hajj.”

Masusing Gabay sa Pagsasagawa ng Ûmrah at Hajj

kadahilanan ay hindi na kailangan na mag-alay ng hady. Ang Hajj ay maaaring isagawa muli sa susunod na taon samantalang ang Ûmrah ay maaaring isagawa sa anumang araw o panahon. (Ang mga takdang gawain para sa Ûmrah at Hajj ay dapat na isagawa mula sa simula.)

Mga bagay na ipinagbabawal (mahdhūrāt) habang nasa sandali ng Ihrām

Ito ay nahahati sa tatlong kategorya:

1. Sa mga kalalakihan at kababaihan:

- a. Ang pag-aalis ng buhok sa ulo at sa alin mang bahagi ng katawan. Subalit, walang masama kung kakamutin nang marahan ang ulo kapag kailangan.
- b. Ang pagputol ng kuko sa daliri ng kamay at paa. Subalit, kung kusang naputol ang kuko o nakasasakit ay walang masama na alisin ito.
- k. Ang paggamit ng pabango o mabangong bagay at gayon din ang sabon na may pabango.
- d. Planong pagpapakasal o ang pag-aalok ng kasal.
- e. Ang pagtingin nang may pagnanasa, ang paghipo o ang pagdampi ng balat sa balat ng lalaki at babae (Mubashara), ang paghalik ng nakasisiya sa bawat isa, at iba pa.
- g. Ang pakikipagtalik o ang anumang gawaing maaaring mauwi sa pakikipagtalik.
- h. Ang pagpatay ng mailap na hayop maging insekto at ang pagputol ng punong kahoy o halaman.

2. Ang mga ipinagbabawal sa mga kalalakihan lamang:

- a. Ang pagtatalukbong sa ulo, kagaya ng sombrero, kupi, turban at anumang sumasayad o dumidiit sa ulo, subalit

Masusing Gabay sa Pagsasagawa ng Ûmrah at Hajj

walang masama kung hindi dumidiit ang ipinantatakip gaya ng payong, bubong ng kotse, tolda, at mga katulad nito.

- b. Ang pagsusuot ng pang-ilalim na kasuutan kagaya ng brief, kamiseta, medias at iba pang kauri nito. Ngunit ipanahihintulot ang anumang kakailanganin gaya ng sinturon, relo, salamin at iba pang katulad nito.

3. Ang mga ipinagbabawal sa mga kababaihan lamang:

- a. Ang magtalukbong ng mukha at gumamit ng guwantes sa mga kamay maliban kung may mga lalake na hindi mahrām sa kapaligiran.
- b. Ang ilantad ang buhok sapagkat ang buhok ay parte ng ‘awrah¹.
- k. Ang manamit na salungat sa Islām.

Paalaala:

Kapag alinman sa mga nabanggit sa itaas ang nilabag dahil sa anumang kadahilanan², maliban sa kawalang-kaalaman, pagkalimot, nakatulog o pinuwersa, ang nagsasagawa ng Ûmrah ay kailangang magbayad ng fidyah sa pamamagitan ng pag-aayuno ng tatlong araw o pagpapakain ng anim na taong mahihirap o mag-alay ng hady.

Samantala, ang Ûmrah ay nawawalan ng bisa kapag nagtalik ang mag-asawa habang nasa kalagayan ng Ihrām. Kung kayat kinakailangan na magbayad ng fidyah at tapusin ang buong takdang gawain ng Ûmrah

¹ Ang ‘awrah ay bahagi ng katawan na hindi dapat makita ng ibang tao maliban sa asawa. Ang ‘awrah ng lalake ay mula sa pusod hanggang tuhod, samantala ang ‘awrah ng babae ay ang buong katawan maliban sa mukha at mga kamay.

² Kapag ginawa ito nang walang katanggap-tanggap na kadahilanan ang nagsasagawa ng ‘Umrah ay nagkasala. Ngunit kapag ginawa ito sanhi ng pangangailangan ang nagsasagawa ng ‘Umrah ay walang sala. Samantala, kapag ginawa ito dahil sa kawalang-kaalaman, pagkalimot, nakatulog o pinuwersa, ang nagsasagawa ng ‘Umrah ay mapagpa-paumanhinan at walang kasalanan.

Masusing Gabay sa Pagsasagawa ng Ûmrah at Hajj

at kailangan na isagawa muli ang nasirang Ûmrah sa susunod na pagkataon.

Pang-anim na Hakbang:

Pagkatapos na maisagawa ang Ihrām, Sunnah na bigkasin ang Talbiyah kapag paalis na ang sasakyan patungong Makkah. Ulit-ulitin ito sa tuwi-tuwina sa loob ng mga sandaling nasa panahon ng Ihrām hanggang makarating sa loob ng al-Masjid al-Harām (bago magsimula ang Tawāf sa Ka'bah). Ang Talbiyah ay ang pagbibigkas ng –

“Labbayk allāhumma labbayk, labbayka lā sharīka laka labbayk, innal hamda wan ni‘mata laka wal mulk, lā sharīka lak.”

– na ang pinakamalapit na kahulugan sa Tagalog ay, **“Bilang pagtugon sa Iyong panawagan Allah, wala kang Katambal, bilang pagtugon sa Iyong panawagan. Tunay na ang papuri at ang pagbibiyaya ay ukol sa Iyo at ang paghahari; wala Kang katambal.”**

Paalaala:

Ang Talbiyah ay dapat bigkasin ng malakas ng mga kalalakihan, samantalang pabulong naman sa mga kababaihan. Nabanggit sa Sunan Abu Dawood, na ang Sugo (sas) ay nagsabi; **“... si Jibreel ay pumunta sa akin at ipinag-utos niya sa akin na ipag-utos sa aking mga kasama at kung sinuman ang kasama ko ngayon ay lakasan nila ang kanilang boses habang sinasambit nila ang Talbiyah.”**

Ang hadīth na ito ay kinapapalooban ng pag-uutos ... at lahat ng ipinag-utos ay may kahaliling obligasyon ... kung kayat obligado sa isang lalaking Muslim ang lakasan ang kanilang mga boses sa pagbigkas ng Talbiyah.

Pangpitong Hakbang:

Pagdating sa Makkah at kapag papasok sa al-Masjid al-Harām, Sunnah na unahing ipasok ang kanang paa at magsabi ng –

“Bismilāhi, was salātu wa salāmu ‘alā rasulillāh, allāhum magfir li dhunubi waftah li abwāba rahmatik.”

— na ang pinakamalapit na kahulugan sa Tagalog ay, **“Sa ngalan ni Allāh; ang pagpapala at kapayapaan ay makamit ng Sugo ni Allāh. O Allāh, patawarin Mo po ako sa aking mga pagkakasala at buksan Mo po sa akin ang mga pinto ng Iyong awa.”** Ganito rin ang gagawin sa lahat ng Masjid.

ANG TAWĀF

Ang Tawāf ay ang paglibot sa Ka‘bah ng pitong ulit simula sa tapat ng al-Hajar al-Aswad (Batong Itim) at dito rin magtatapos. Ang tawag sa isang lubusang paglibot ay **sawt¹**. Ang Tawāf ay natatapos sa kabuuang pitong paglibot. **(Tingnan ang unang bilang sa ibaba at ang kabuuang paglibot sa susunod na pahina.)**



Paalaala:


Ang pagsasagawa ng Tawāf ay katulad din ng pagsasagawa ng Salāh, kailangang nasa kalagayan ng Tahāra. Ngunit kung ang wudu’ ay nawalan ng saysay sa anumang kadahilanan habang nagsasagawa ng Tawāf mayroong dalawang pagpipilian:

1. Higit na mainam na muling isagawa ang wudu’ at balikan kung saan tumigil sa pagsasagawa ng Tawāf; o
2. Ipagpatuloy ang pagsasagawa ng Tawāf hanggang matapos ito kung sadyang mahirap magsagawa ng wudu’ muli dahil sa tindi ng siksikan at dami ng mga tao. **Subalit kinakailangan pa rin na magsagawa**

¹Ang *sawt* ang isang kumplentong pag-ikot sa Ka‘bah o pagtawid sa mula sa Safa papuntang Marwah.

Masusing Gabay sa Pagsasagawa ng Ûmrah at Hajj

ng wudu pagkatapos isagawa ang Tawâf dahil may Salâh at Sa'ey pa kailangang isagawa.



Mga Takdang Gawain sa Pagsasagawa ng Tawâf

1. Bago isagawa ang Tawâf makabubuting magkaroon ng lugar na kung saan maghihintayan. Ang sinuman na nagnanais na humiwalay sa grupo ay kinakailangan na magpaalam sa Ameer (puno ng grupo) upang maiwasan ang pagkabalang kung ano ang susunod na balakin ng grupo.
2. Bago isagawa ang Tawâf, Sunnah na isuot ang rida' ayon sa pagsusuot na tinatawag na **idhtibâ'**.

Ang paraan ng idhtibâ' ay ang ganito: ilagay sa kaliwang balikat ang kalagitnaang bahagi ng rida' (puting balabal), pagsalubungin sa ilalim ng kanang kilili ang mga bahagi nitong malapit sa magkabilaang dulo nito at ipatong sa kaliwang balikat ang magkabilaang dulo nito.

Masusing Gabay sa Pagsasagawa ng Ûmrah at Hajj

Paalaala:

Sa unang tatlong shawt lamang ang pagsusuot ng idhtibā'. Pagdating sa ika-apat na shawt ayusin ang rida' at takpan ang magkabilaang balikat.

3. Magtungo at magsimula sa al-Hajar al-Aswad (Batong Itim) kalakip ng ibayong pag-iingat at sikapin na huwag makasakit ng kapwa. Humalik sa al-Hajar al-Aswad kung may pagkakataon, subalit kung hindi kaya itong halikan ay hipuin na lamang ng kanang kamay at halikan ang kanang kamay, at magsasabi ng;

“Bismillāhi wallāhu akbar.”

– na ang pinakamalapit na kahulugan sa Tagalog ay, **“Sa ngalan ni Allāh; si Allāh ay pinakadakila.”**

Mainam din na magsabi ng;

“Allāhumma imanam bika wa tasdiqam bikitabika wa wafa'am bi'ahdika wattiba'al lisunnati nabiyyika sallallāhu 'alayhi wa sallam.”

– na ang pinakamalapit na kahulugan sa Tagalog ay, **“O Allāh, dahil sa pagsampalataya sa Iyo, sa paniniwala sa Iyong Aklat, sa patupad sa pangako sa Iyo, at pagsunod sa Sunnah ng Iyong Propeta (sas).”**


Ngunit kung hindi pa rin kayang lumapit sa al-Hajar al-Aswad dahil sa tindi ng siksikan ay pumuwesto na lamang sa tapat nito, humarap sa al-Hajar al-Aswad, itaas ang kanang kamay na ang palad ay nakaharap sa Ka'bah at bibigkasin ang; **“Bismillāhi wallāhu akbar”**, hindi na kailangan na halikan pa ang kanang kamay.



Masusing Gabay
sa Pagsasagawa ng Ûmrah at Hajj



Masusing Gabay sa Pagsasagawa ng Ûmrah at Hajj



Masusing Gabay sa Pagsasagawa ng Ûmrah at Hajj

Paalaala:

Walang du‘ā’ sa harapan ng Batong Itim.

4. Umpisahan ang paglibot habang ang kaliwang bahagi ng katawan ang siyang nakatapat sa Ka‘bah. Sunnah sa mga kalalakihan na maglakad nang mabilis at magkakalapit ang mga hakbang. Ang tawag sa paglalakad na ito ay **ramal**. Ang mga kababaihan ay hindi kailangang maglakad ng ramal.

Paalaala:

Sa unang tatlong sawt lamang ang paglalakad ng ramal. Kung mahirap itong gawin, maaari nang hindi ito gawin.

Ang idhtibā’ at ramal ay isinasagawa lamang sa unang tatlong shawt ng Tawāf al-quḍūm (Tawāf ng pagdating sa Makkah).

Sa iba pang mga Tawāf katulad ng Tawāf al-ifādhah at Tawāf al-wadā (sa simula hanggang sa katapusan) ang idhtibā at ramal ay hindi kinakailangan. Tiyakin na ang magkabilaang balik at ay natatakpan ng rida’ at maglakad ng karaniwang lakad.

5. Habang nagsasagawa ng Tawāf kalugud-lugod na magbigay puri kay Allāh, manalangin ng kahit anumang nais na panalangin o magbigkas ng kahit anumang talata ng Qur’ān. Maaaring manalangin sa sariling wika para sa sariling kapakanan at para sa kaninumang nais na ipanalangin.

Paalaala:

Walang takdang du‘ā’ kapag nagsasagawa ng Tawāf. Hindi na kailangang bumili ng anumang polyeto na ipinagbibili sa al-Masjid al-Harām.

6. Kapag dumating sa ar-Rukn al-Yamāni (Haligi ng Yamāni o ang sulok ng Ka‘bah sa Timog) ay hipuin iyon ng kanang kamay kung may pagkakataon at magsasabi ng; **“Bismillāhi Wallāhu Akbar”**, at hindi kinakailangan na halikan pa ang kanang kamay. Ngunit kung hindi magawang hipuin ang ar-Rukn al-Yamāni dahil sa tindi ng dami ng tao ay magpatuloy na lamang sa paglalakad, hindi na kailangang

Masusing Gabay sa Pagsasagawa ng Ûmrah at Hajj

ituro iyon ng kanang kamay at hindi na rin kailangang magsabi ng “Allāhu Akbar”.

7. Habang nasa pagitan ng ar-Rukn al-Yamāni at al-Hajar al-Aswad kanais-nais na manambitan ng;

“Rabbana ātina fiddunya hasanah, wa fil āakhirati hasanah, wa qina ‘adhaban nār”

– na ang pinakamalapit na kahulugan sa Tagalog ay; **“Panginoon namin, bigyan Mo po kami sa mundo ng mabuti at sa Kabilang-buhay ng mabuti rin; at ilayo Mo po kami sa pagdurusa sa Apoy.”**

8. Kapag natapat na sa al-Hajar al-Aswad ay subukan itong hipuin ngunit kung hindi kaya itong lapitan dahil sa tindi ng siksikan ay pumuwesto na lamang sa tapat nito, itaas ang kanang kamay na ang palad ay nakaharap sa Ka’bah at bigkasin ang; **“Allāhu Akbar”**, hindi na kailangang humalik pa sa kamay.

Ganito natatapos ang unang shawt o pag-libot sa kabuuan ng pitong pag-libot. Magpatuloy sa pagsasagawa ng Tawāf at gawin ang tulad sa ginawa sa unang pag-libot hanggang sa makumpleto ang pitong libot. Sa tuwing madadaan sa tapat ng al-Hajar al-Aswad ay magsasabi ng; “Allāhu Akbar” at sasabihin rin ito pagkatapos ng ikapitong pag-libot.

Mga Takdang Gawain Pagkatapos Isagawa ang Tawāf

1. Sunnah na magsagawa ng dalawang rak’ah na Salāh sa tapat ng Maqām Ibrāhīm. Tiyakin na nakasuot ang rida’ (ipatong ang balabal sa dalawang balikat at ang magkabilang dulo nito sa dibdib).
2. Tahimik na bigkasin ang Sūratul Fātihah at ang Sūratul Kāfirun sa unang rak’ah, at ang Sūratul Fātihah at ang Sūratul Ikhlas sa ikalawang rak’ah.

Masusing Gabay sa Pagsasagawa ng ʻUmrah at Hajj

Paalaala:

Kung hindi magiging madali ang pagsasagawa ng Salāh sa tapat ng Maqām Ibrāhīm dahil sa tindi na siksikan, maaaring isagawa ito sa alinmang bahagi ng al-Masjid al-Harām.

Bagamat walang dapat na dumaan sa harapan habang nagsasagawa ng Salāh, walang masama kung may dumaan sa harapan habang nagsasagawa ng Salāh dahil sa tindi ng dami ng tao.

3. Pagkatapos isagawa ang Salāh ay Sunnah na uminom ng maraming tubig ng Zamzam. Maaari ding magbuhos ng bahagya sa ulo o sa katawan.

ANG SA'EY

Ang Sa'ey ay ang pagtawid sa pagitan ng dalawang burol na as-Safā at al-Marwah ng pitong ulit. Ang tawag sa isang tawid mula sa as-Safā papunta sa al-Marwah o mula sa al-Marwah papunta sa as-Safā ay “sawt”.

Mga Takdang Gawain sa Pagsasagawa ng Sa'y

1. Pagkatapos ng pagsasagawa ng Tawāf ay tumuloy sa **mas'ā**¹. Dadako muna sa as-Safā at kapag malapit na roon ay bigkasin ang:


“Innas safā wal marwata min shaāirillāh, faman hajjal bayta awa'atamara fala junaaha alayhi an watta-wafa bi'hi-maa wa man ta-ta-wa'aa khayrun final-laah sha-kirun aleem.

– na ang pinakamalapit na kahulugan sa Tagalog ay, **“Tunay na ang Safā at ang Marwah ay kabilang sa mga tanda ni Allāh. Kaya ang sinumang magsasagawa ng Hajj sa Bahay o magsasagawa ng ʻUmrah, hindi kasalanan para sa kanya magpabalik-balik sa**

¹ Ang *mas'ā* ay ang pinagsasagawaan ng Sa'y at daan na nag-uugnay sa as-Safā at al-Marwah.

Masusing Gabay sa Pagsasagawa ng Ûmrah at Hajj

pagitan ng dalawang iyon. At ang sinumang magkusang-loob na gumawa ng mabuti, tunay na si Allāh ay Kumikilala sa kabutihan, ang Nakaaalam.”



2. Umakyat sa as-Safā hanggang sa matanaw ang Ka‘bah, humarap doon at iangat ang mga kamay (na ang mga palad ay nakaharap sa mukha). Magbigay puri kay Allāh ng ganito;

“lā ilāha illallāh, wallāhu akbar, lā ilāha illallāhu wahdah, lā sharīka lah, lahum mulku wa lahum hamd, yuhyī wa yumīt, wa huwa ‘alā kulli shay’in qadīr, lā ilāha illallāhu wahdah, anjaza wa‘dah, wa nasara ‘abdah, wa hazamal ahzāba wahdah.”

– na ang pinakamalapit na kahulugan sa Tagalog ay; **“Walang tunay na Diyos kundi si Allāh; si Allāh ay pinakadakila. Walang tunay na Diyos kundi si Allāh; tanging Siya lamang, wala Siyang katambal. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri. Nagbibigay-buhay Siya at bumabawi Siya ng buhay. Siya ay may kapangyarihan sa lahat ng bagay.**

Masusing Gabay sa Pagsasagawa ng Ûmrah at Hajj

Walang tunay na Diyos kundi si Allāh, tanging Siya lamang. Tinupad Niya ang Kanyang pangako, pinagtagumpay Niya ang Kanyang Lingkod, at mag-isa Niyang ginapi ang mga magkakampi (laban sa Islām)."

Kanais-nais na sambitin ito ng tatlong ulit subalit sapat na ang isang ulit. Manalangin ng anumang nais ipanalangin, Sunnah na ulitin ang panalangin ng tatlong ulit.

3. Pagkatapos niyon, maglakad pababa patungo sa al-Marwah. Pagdating sa palantandaang kulay berde, Sunnah na maglakad nang mabilis sa abot ng makakaya hanggang sa dumating sa kabilang palatandaang kulay berde kalapkip ng ibayong pag-iingat at sikaping hindi makapinsala o makapanakit ng kapwa.

Paalaala:

Ang paglalakad nang mabilis sa bahagi ng mas'ā ay para sa mga kalalakihan lamang at kung may pagkakataon.

4. Pagdating sa paanan ng al-Marwah, umakyat sa tuktok hanggang matanaw ang Ka'bah, humarap doon at iangat ang mga kamay (na ang mga palad ay nakaharap sa mukha). Magbigay puri kay Allāh at bigkasin ang sumusunod;

"lā ilāha illallāh, wallāhu akbar, lā ilāha illallāhu wahdah, lā sharīka lah, lahul mulku wa lahul hamd, yuhyī wa yumīt, wa huwa 'alā kulli shay'in qadīr, lā ilāha illallāhu wahdah, anjaza wa'dah, wa nasara 'abdah, wa hazamal ahzāba wahdah."

– na ang pinakamalapit na kahulugan sa Tagalog ay; **"Walang tunay na Diyos kundi si Allāh; si Allāh ay pinakadakila. Walang tunay na Diyos kundi si Allāh; tanging Siya lamang, wala Siyang katambal. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri. Nagbibigay-buhay Siya at bumabawi Siya ng buhay. Siya ay may kapangyarihan sa lahat ng bagay. Walang tunay na Diyos kundi si Allāh, tanging Siya lamang. Tinupad Niya ang Kanyang pangako, pinagtagumpay Niya**

Masusing Gabay sa Pagsasagawa ng Òmrah at Hajj

ang Kanyang Lingkod, at mag-isa Niyang ginapi ang mga magkakampi (laban sa Islām).”

Kanais-nais na sambitin ito ng tatlong ulit subalit sapat na ang isang ulit. Manalangin ng anumang nais ipanalangin, Sunnah na ulitin ang panalangin ng tatlong ulit.



5. Matapos na maisagawa ang Sa'y ay maaari nang ipagupit ang buhok, magsuot ng pangkaraniwang damit, at maalís na ang lahat ng ipinagbabawal sa Ihrām.

Paalaala:

Huwag hayaan na ang mga taong nakatayo sa al-Marwah ang pumutol ng iyong buhok, ang pinuputol lamang nila ay bahagya sa iyong ulo at ito ay taliwas sa Sunnah. Ang buhok ay kinakailangan na pantay pantay ang pagkaka-gupit.

ANG HAJJ

Ang literal na kahulugan ng Hajj ay “**ang pagsadya**”. Ayon naman sa batas ng Islām ang Hajj ay ang pagsadya sa Makkah upang magsagawa ng pagsamba kay Allāh sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga takdang gawain alinsunod sa nasasaad sa Sunnah ng Sugo ni Allāh ﷻ.

Masusing Gabay sa Pagsasagawa ng Ûmrah at Hajj

Ayon naman sa aklat na Fiqhus Sunnah ang Hajj ay ang pagsadya sa Makkah upang isagawa ang mga pagsamba na **Tawāf** at **Sa'y**, at **pagtigil sa 'Arafah**, at iba pang mga takdang gawain, bilang pagtugon sa kautusan ni Allāh at sa paghahangad na kanyang kaluguran.

Ang Hajj ay isa sa mga pinakamagandang uri ng pagsamba at isa sa pinakamahahalagang uri ng paglilingkod dahil ito ang ikalimang haligi ng Islām. Ito rin ang tamang pagkakataon para sa pagtitika at paglilinis ng sarili sa lahat ng nagawang mga kasalanan. Si Allāh ay nagsabi:

الْحَجُّ أَشْهُرٌ مَّعْلُومَةٌ ۖ فَمَنْ فَرَضَ فِيهِنَّ الْحَجَّ فَلَا رَفَثَ وَلَا فُسُوقَ
وَلَا جِدَالَ فِي الْحَجِّ ۚ وَمَا تَفْعَلُوا مِنْ خَيْرٍ يَعْلَمْهُ اللَّهُ ۚ وَتَزَوَّدُوا فَإِنَّ خَيْرَ
الزَّادِ التَّقْوَىٰ ۚ وَاتَّقُونِ يَا أُولِيَ الْأَلْبَابِ ﴿٩٧﴾

“Ang hajj ay nasa mga kilalang buwan. Kaya ang sinumang nagsatungkulin sa sarili ng hajj sa mga buwang ito ay walang pagtatalik, walang mga paglabag, at walang pagtatalo sa hajj. Ang ginagawa ninyo na anumang kabutihan ay nalalaman ni Allāh. Magbaon kayo, ngunit tunay na ang pinakamainam na baon ay ang pangingilag sa pagkakasala; at mangilag kayong magkasala sa Akin, o mga may pang-unawa.”¹

Sinabi rin ng Sugo ni Allāh ﷻ; “Ang sinumang magsagawa ng Hajj sa Bahay na ito (Ka‘bah) at hindi gumawa ng anumang malaswang bagay at hindi sumuway (sa ipinag-uutos), babalik siyang gaya noon araw na isinilang siya ng kanyang ina.” – [Bukhari at Muslim]

Sinabi pa ng sugo ﷻ; “Ang maayos na pag-sasagawa ng Hajj ay walang gantimpala maliban sa Paraiso.” – [Bukhari at Muslim]

¹ Qur’ān 2:197

Masusing Gabay
sa Pagsasagawa ng Òmrah at Hajj

MGA RUKN O HALIGI NG HAJJ

1. **Ang Ihrām**
2. **Ang pagtayo o pagtigil sa ‘Arafah**
3. **Ang Tawāf al-Ifadāh (ang Tawāf sa araw ng ‘eid)**
4. **Ang Sa‘ey**

Paalala

Ang Hajj ay walang saysay kung may nakaligtaang gawin kahit isa man lamang sa nabanggit na mga Haligi ng Hajj hanggat hindi naisasagawa ang nakaligtaan.

ANG MGA WAJIB (Kailangang Gawin) SA HAJJ

Ang mga Wajib sa Hajj ay ang mga kinakailangang isagawa sa araw ng Hajj. Ito ay ang mga sumusunod:

1. Ang pagsasagawa ng Ihrām sa mīqāt.
2. Ang pagtigil (**Wuquf**) sa ‘Arafah hanggang sa paglubog ng araw.
3. Ang pagpapagabi sa Musdalifah hanggang sa madaling araw hanggang sa magliwanag na nang husto ang langit ngunit bago tuluyang sumikat ang araw, maliban sa mga may mahihinang pangangatawan at mga kababaihan sapagkat pinahihintulutan silang manatili hanggang sa hatinggabi.
4. Ang pagpapagabi sa Minā sa mga gabi ng **Tasrīq**¹.
5. Ang pagsasagawa ng ramy (pagpukol ng mga bato) sa mga araw ng Tasrīq.
6. Ang pagpapagupit ng buhok o pagpapaahit ng ulo.
7. Ang pagsasagawa ng Tawāf al-Wadda‘.

¹ Ang ika-11, ika-12 at ika-13 ng Dhul Hijjah. Sa kalendaryo ng Islām ang petsa ay nagpapalit sa paglubog ng araw at hindi sa hatinggabi. Nagsisimula ang gabi paglubog ng araw at nagsi-simula ang araw (day) pagsapit ng madaling araw.

Masusing Gabay sa Pagsasagawa ng Ûmrah at Hajj

Ang sinumang may nakaligtaang gawin na kahit isa man lamang sa mga nabanggit na mga Wajib sa Hajj ay kailangang mag-alay ng hady: isang tupa o kambing para sa isang tao o isang baka o kamelyo para sa pitong tao. Ipamigay ito sa mga naninirahan sa Harām (sa loob ng Makkah). Kung hindi kayang mag-alay kinakailangan na magsagawa ng pag-aayuno ng sampung araw – tatlong araw sa araw ng Hajj at pitong araw pagkatapos magsagawa ng Hajj (pag-uwi sa bahay).

ANG MGA URI NG HAJJ

1. **Ang Hajj at-Tamattu’.** Ang pagsasagawa ng Ihrām para sa ’Umrah at Hajj ay magkahiwalay. Magsabi sa mīqāt ng; **“Labbayka ’umratan mutamatti’am biha ilal hajj.”** Una, isinasagawa ang Ihrām para sa ’Umrah lamang kapag dumating sa Makkah sa loob ng panahong hindi pa maisasagawa ang Hajj at huhubarin ang kasuutan sa Ihrām pagkatapos isagawa ang ’Umrah. At kapag dumating na ang oras ng Hajj sa ika-8 ng Dhul Hijjah ay isasagawa naman ang Ihrām para sa Hajj sa kinaroroonan sa Makkah.

Kailangan ang hady sa uri ng Hajj na ito. Makasasapat na ang isang tupa (o kambing) para sa isang tao at ang isang kamelyo o baka para sa pitong tao.

2. **Ang Hajj al-Qirān.** Ang pagsasagawa ng Ihrām para sa Ûmrah at Hajj ay ipinagsama. Magsasabi sa mīqāt ng; **“labbayka ’umratan wa hajja”** at isasagawa muna ang ’Umrah. Pagkatapos nito ay ipagpapatuloy ang Ihrām (hindi huhubarin ang kasuutan sa Ihrām) hanggang sa sumapit ang **‘īdul ad’hā’¹**.


Isinasagawa ang Hajj na Qirān sa pamamagitan ng pagdudugtong ng Ûmrah sa Hajj. Kadalasang isinasagawa ang Hajj na Qirān ng sinuman na bagaman dumating sa Makkah bago sumapit ang Hajj ang panahon ay hindi sapat upang tapusin ang Ûmrah at lumabas sa kalagayan ng Ihrām, at kapag dumating na ang oras ng Hajj ay

¹ Sa ika-10 araw ng Dhul Hijjah.

Masusing Gabay sa Pagsasagawa ng Ûmrah at Hajj

magsasagawa muli ng panibagong Ihrām para sa Hajj naman. Kinakailangan ang hady sa Hajj na ito.

3. **Ang Hajj al-Ifrād.** Ang layunin ay ang pagsasagawa ng Hajj lamang. Magsasagawa ng ihrām sa mīqāt sa pamamagitan ng pagsasabi ng; “**labbayka hajja**”. Hindi kailangan ang hady sa Hajj na ito.



LIMAMPUNG BAGAY NA MAAARING GAWIN SA PANAHOON NG HAJJ

1. Ngumiti sa ibang kapatid na Muslim.
2. Bumati ng Salām sa mga hindi kakilala.
3. Makipagdaupang palad sa iba at tanungin ang kanilang kalusugan.
4. Bumili ng tsa o anumang inumin at ibigay sa iba.
5. Buhatin ang mga pinamili ng iba.
6. Maupo sa ibang grupo na nag Hajj at tanungin ang kalagayan ng Islam sa kanilang lugar.
7. Bitbitin ang bag ng iba para sa kanila.
8. Gabayan ang mga may sakit patungong klinika.
9. Bigkasin ang Talbiyah ng malakas upang mainganyo ang iba.
10. Pigilan ang sarili na magsalita ng malalaswang salita.
11. Sa araw ng ‘Eid, maglibot sa tent ng iba habang binibigkas ang Talbiyah (inganyuhin sila).
12. Pumulot ng bato para sa iba.
13. Gabayan ang ibang mga tao patungong Jamarāt.
14. Mag-alok na bumato para sa walang kakayahang pumukol o may sakit.
15. Huwag titigan ang mga kababaihan. Sikaping ibaba ang tingin.
16. Paalalahanan ang ating mga kapatid hinggil sa buhay ng mga Sahābah.
17. Magbasa ng Qur’ān na mayroong Tafseer.

Masusing Gabay
sa Pagsasagawa ng Ûmrah at Hajj

18. Bumigkas ng kapani-paniwalang dhikr para sa umaga at para sa gabi.
19. Magsagawa ng du‘ā’ habang naka sujud.
20. Tumayo sa pintuan ng mga kampo at bigyan ang mga taong paalis ng tubig o tsa.
21. Bigyan ng natatanging atensyon ang mga taong mahiyain.
22. Paalalahanan ang mga tao hinggil sa pasensiya, at kung bakit sila narito at gawing halimbawa ang ating mga Ulamā sa Hajj.
23. Ipaliwanag ang kahulugan ng Kutbah na iyong marinig kung iyong nauunawaan sa mga kapatid na nakapaligid sa iyo.
24. Ipaliwanag ang kahalagahan ng pagpapakadalisay ng iyong gawa para sa Allāh.
25. Tawagan ang iyong mga kamag-anak at batiin sila sa araw ng ‘Eid.
26. Magsagawa ng du‘ā’ para sa mga kaibigan na hindi nakikita at sa mga taong may akda ng babasahing ito.
27. Huwag hayaang mag-away ang dalawang magkapatid sa panahon ng Hajj.
28. Tulungan ang ibang tao na humanap ng matutulugan.
29. Alalahanin – ang init ng araw – at ang walang katapusang kaparusahan sa impyerno.
30. Bigkasin ang; **“Lā ilāha illallāh, wahdahu lā sharika lah, lahum Mulk wa lahum hamd, wa Huwa' ala kulli shay'in Qadeer”** (100 beses)
31. Sambitin ang du‘ā’ sa lugar ng palengke kung ikaw ay papasok dito.
32. Magbigay ng kawanggawa sa mga taong nagtitinda ng maliliit na bagay (sandal o itlog).
33. Dumalo sa mga pag-aaral na ginagawa sa Minā.
34. Mamalagi sa ika-13 ng Dhul Hijjah.
35. Paalalahanan ang mga Muslim na maging isang mabuting tao sa kanilang pag-uwi.
36. Patawarin ang mga tao na nagkasala sa iyo.
37. Kumausap ng sampung ibat-ibang tao na nanggaling sa sampung ibat ibang bansa.
38. Magpasalamat ng bukal sa kalooban sa iba na gumawa ng kabutihan.
39. Bumisita sa hospital at magpasalamat kay Allāh sa lahat ng mga biyayang ipinagkaloob.

Masusing Gabay sa Pagsasagawa ng Òmrah at Hajj

40. Imbitahin ang mga batang Muslim at pauupuhin sila sa tabi ng mga nakakatanda at bigyan sila ng atensyon.
41. Magbigay ng tafseer pagkatapos ng mga pag-aaral, humingi ng tulong sa mga nakaka-alam.
42. (Kalalakihan) Sa araw ng 'Eid, ibahagi ang iyong pabango sa mga taong nasa iyong paligid.
43. Tanungin ang kalusugan ng mga matatanda ng grupo. Siguraduhin na sila ay naaalagaan.
44. Bigyan ng tanging atensyon ang taong malapit sa iyo o nasa iyong tabi.
45. Gabayan ang ibang tao papuntang katayan ng hayop at tulungan sila sa pagbili ng kupon.
46. Gunitain ang mga magagandang biyaya na iyong natanggap sa iyong buhay at pasalamatan si Allāh at sambitin ang; **"Alhamdulillah"**.
47. Magsagawa ng du'a' kay Allāh na gamit ang Kanyang siyamnaput siyam (99) na pangalan (al-Asmā' al-Husna)
48. Gumamit ng Miswak.
49. Maglaan ng kendi sa iyong bulsa at ipamahagi sa mga batang makakasalubong.
50. Palagiang maglaan ng intensyon na mabigyan ng pagpapala mula kay Allāh sa lahat na dinanas sa Hajj.

MGA TAKDANG GAWAIN SA PAGSASAGAWA NG HAJJ (Para sa Hajj at-Tamattu')

Sinabi ng Allāh sa Qur'ān; **"... ang araw ng Hajj ay nabibilang (katangi-tangi) na araw,"** kung kayat huwag sayangin ang oras sa mga walang kuwentang bagay kagaya ng kuwentuhan, biruan, atbp.

Bago isagawa ang paglalakbay, nararapat na alamin ang layunin. Kung ang layunin ay ang pagsasagawa ng **Hajj at-Tamattu'** itinatagubilin na isagawa ang mga takdang gawain para sa Òmrah, bago sumapit ang araw ng Hajj, ayon sa mga sumusunod:

Masusing Gabay
sa Pagsasagawa ng Ûmrah at Hajj

1. Pagdating sa mīqāt kailangan na isagawa ang mga takdang gawain para sa pagsasagawa ng Ihrām na ang layunin ay para sa Hajj at-Tamattu' at bigkasin ang sumusunod;

“Labbayka ‘umratan mutamatti’am biha ilal hajj.”

– na ang pinakamalapit na kahulugan sa Tagalog ay; **“bilang pagtugon sa Iyong panawagan upang magsagawa muna ng Ûmrah na pasusundan ng Hajj.”**

2. Pagdating sa Makkah ay magsagawa ng **Tawāf al-qudūm¹**. Pagkatapos ay magsagawa ng Salāh na Sunnah (dalawang rak‘ah sa lugar na malapit sa Maqām Ibrāhīm, uminom ng tubig ng Zamzam at magsagawa ng Sa’y.
3. Matapos isagawa ang Sa’y ay maaari nang ipagupit ang buhok nang halos isang pulgada. Tapusin ang Ûmrah, magsuot ng pangkaraniwang damit, at maaalis na ang lahat ng ipinagbabawal sa Ihrām maliban sa pakikipagtalik sa asawa.
4. Pagdating ng ika-8 ng Dhul Hijjah ay magsagawa muli ng Ihrām para naman sa Hajj (maaari itong isagawa sa tinitigilan sa Makkah) sa pamamagitan ng pagsasabi ng;

“Labbayka hajja, labbayka lā shareeka laka labbayk, innal hamda wan ni‘mata laka wal mulk, lā shareeka lak.”

– na ang pinakamalapit na kahulugan sa Tagalog ay; **“bilang pagtugon sa Iyong panawagan upang magsagawa ng Hajj. Tunay na ang papuri at ang pagbibiyaya ay ukol sa Iyo at ang paghahari, wala Kang katambal”**

¹ Tawāf ng pagdating sa Makkah.

Masusing Gabay
sa Pagsasagawa ng Ûmrah at Hajj

**Sa ika-8 Araw ng Dhul Hijja
(Araw ng Tarwiyah)**

<i>Pagkasunud-sunod</i>	<i>Kuru-kuro</i>	<i>Tsek</i>
<u>Unang hakbang:</u> Bago sumapit ang Salâtul Dhuhr ay muling magsagawa ng Ihrâm para naman sa Hajj sa kinaroonan sa Makkah. Isagawa ang mga hukom para sa Ihrâm.		
<u>Pangalawang hakbang:</u> Ipahayag ang layunin sa pamamagitan ng pagbigkas sa sumusunod; “Labbayka hajja, labbayka lâ shareeka laka labbayk, innal hamda wan ni‘mata laka wal mulk, lâ shareeka lak.”¹	Maaari din na magtakda ng kundisyonal na Ihrâm sa pagsasabi ng – “Allâhumma in habasanee hâbisun famahillee haythu habastanee.”²	
<u>Pangatlong hakbang:</u> Magtungo sa Minâ kung ang tinutuluyan ay wala sa Minâ.		
<u>Pang-apat na hakbang:</u> Isagawa ang mga Salâh na Dhuhr, ‘Asr, Ishâ’, Maghrib at Fajr sa Minâ. Siguraduhin na nasa loob ng Minâ		

¹ Ang pinakamalapit na kahulugan sa Tagalog ay, “Bilang pagtugon sa lyong panawagan upang magsagawa ng Hajj. Tunay na ang papuri at ang pagbibiyaya ay ukol sa Iyo at ang paghahari, wala Kang katambal.”

² Ang pinakamalapit na kahulugan sa Tagalog ay, “O’ Allâh kung hahadlangan ako ng isang hadlang, ang hihintuan ng aking Ihrâm ay kung saan mo ako hinadlangan.”

Masusing Gabay sa Pagsasagawa ng Ûmrah at Hajj

bago isagawa ang mga ito. Subalit pagkatapos ay puwedeng lumabas kung nakatigil sa labas ng Minā.		
---	--	--

Sa ika-9 Araw ng Dhul Hijja (Sa Araw ng ‘Arafah)

Ang pananatili sa ‘Arafah (Wuquf) ay isa sa mga Haligi ng Hajj. Ang Hajj ay hindi matatanggap kung hindi mananatili sa ‘Arafah. Ngunit, ang Hajj ay kumpleto kahit maikling panahon lamang ang pananatili sa ‘Arafah sa gabi man o araw, kaya kinakailangan tiyakin na nasa loob ng ‘Arafah sa panahong ito.

<i>Pagkasunud-sunod</i>	<i>Kuru-kuro</i>	<i>Tsek</i>
<u>Unang hakbang:</u> Matapos sumikat ang araw ay magtungo sa ‘Arafah.	Bigkasin ang Talbiyah at mag-sagawa ng Takbeer.	
<u>Pangalawang hakbang:</u> Manatili sa ‘Arafah at makinig ng Kutbah.	Hindi kinakailangan na tumayo sa Jabal (bundok) ng Rahmah.	
<u>Pangatlong hakbang:</u> Kapas lumampas na ang araw sa katanghaliang tapat ay isagawa ang Salātul Dhuhr at Salātul ‘Asr na	Ang isang adhan ay kailangang gawin ng may dalawang	

Masusing Gabay sa Pagsasagawa ng Ûmrah at Hajj

pinagsama (al-jam‘ baina as-salâtain¹) at pinaiksi sa dalawang rak‘ah (qasr).	iqamah. Huwag magsagawa ng Salâh sa pagitan ng Dhuhr at ‘Asr. Kung sinuman ang hindi nakasabay sa Salâh ng Imam kinakailangan na siya ay magsagawa ng mataimtim na Salâh kasama ng kanyang kasamahan o kahit siya ay nag-iisa.	
<u>Pang-apat na hakbang:</u> Kapag natiyak na lumubog na ang araw sa araw ng ‘Arafah, panatag at mahinahon na lisanin ang lugar ng ‘Arafah at magtungo sa Muzdalifah habang malakas na binibigkas ang Talbiyah.	Sinabi ng Propeta (sas) na; “Ang pinaka mahusay na Dhikr para sa akin at sa mga Propeta na nauna sa akin na binaggit sa ‘Arafah ay; ‘Lâ ilâha illa allâh,	

¹ Pinagsamang dalawang Salâh sa paglalakbay (Dhuhr at ‘Asr o Magrib at ‘Ishâ).

Masusing Gabay
sa Pagsasagawa ng Ûmrah at Hajj


	wahdahu lâ sharika lah, lahul Mulk wa lahul hamd, wa Huwa' ala kulli shay'in Qadeer' ”	
--	--	--

Sa ika-9 Araw ng Dhul Hijja
(Gabi sa Muzdalifah)

<i>Pagkasunud-sunod</i>	<i>Kuru-kuro</i>	<i>Tsek</i>
<u>Unang hakbang:</u> Pagdating sa Muzdalifah ay isagawa ang pinagsamang Salâh na Maghrib at 'Ishâ'.	Pagsamahin ang Salâh na Maghrib at 'Ishâ' na may magkahiwalay ng Iqamah. Paiksiin sa dalawang rak'ah ang Salâh na 'Ishâ'.	
<u>Pangalawang hakbang:</u> Pagkatapos isagawa ang mga Salâh ay maaari nang ihanda ang anumang naisin gaya ng pagkain at iba pa.	Huwag sayangin ang panahon sa mga walang kuwentang bagay.	
<u>Pangatlong hakbang:</u> Sunnah na mamulot ng pitong bato para sa pagsasagawa ng ramy sa Jamrah al-'Aqabah (al-Jamrah al-Kubrâ).	Maaaring mamulot ng mas marami sa pito, siguraduhin na ito ay kasing laki ng buto ng garbansos. Maaaring mamulot ng bato kahit saan maliban na lang sa lugar ng Jamrât sapagka't ito ay hindi makakabuti para sa iyo. Sa katunayan, kung nahulog na ang bato sa lugar ng	

Masusing Gabay sa Pagsasagawa ng Ûmrah at Hajj

	Jamarāt huwag itong damputin lalo na sa karamihan ng tao. Bid'ah na hugasan ang mga bato na pinulot.	
<u>Pang-apat na hakbang:</u> Mabuting matulog nang maaga upang magising na masigla para sa Salāh sa Fajr.	Huwag sayangin ang gabi ng pagbibiruan o pagkukuwentuhan, bagkos gugulin ang magdamag sa pagtulog.	



Masusing Gabay
sa Pagsasagawa ng Ûmrah at Hajj

**Sa ika-10 Araw ng Dhul Hijja
(Sa Araw ng ‘Eid)**

<i>Pagkasunud-sunod</i>	<i>Kuru-kuro</i>	<i>Tsek</i>
<u>Unang hakbang:</u> Isagawa ang Salāh sa Fajr kapag sumapit ang takdang oras. Pagkatapos ay mananatili sa kinaroroonan at magsambit ng mga dhikr at du‘ā’ hanggang sa magliwanag ang langit bago tuluyang sumikat ang araw.		
<u>Pangalawang hakbang:</u> Lisanin ang lugar ng Muzdalifah bago sumikat ang araw at magtungo sa Minā. Bigkasin ang Talbiyah hanggang sa makarating sa Jamrah al-‘Aqabah (al-Jamrah al-Kubrā)¹.	Bilisan ang inyong hakbang sa Valley ng Muhasir.	
<i>Ang pinkamalaking Jamrah (pader) na binabato.</i>		
<u>Pangatlong hakbang:</u> Isagawa ang ramy sa Jamrah al-‘Aqabah lamang. Batuhin ang pader nang pitong beses (isa-isa) at magsasabi ng “Allāhu Akbar” sa tuwing maghahagis.	Ang Jamrah ay lugar malapit sa Makkah. Tinatawag din itong (al-Jamrah al-Kubrā). Hindi ito si Shaytan gaya ng paniniwala ng iba. Huwag dumampot	

¹ Ang pinkamalaking *Jamrah* (pader) na binabato.

Masusing Gabay sa Pagsasagawa ng Ûmrah at Hajj


	ng bato sa lugar ng Jamrah. Maaaring pumukol o bumato sa ilalim ng tulay ng Jamrah o kaya sa itaas. Huwag babato ng ibang bagay maliban lamang sa bato at pagsumikapang hindi makasakit ng kapwa. Ang mahina at may sakit ay maaaring magtalaga ng tao na magbabato para sa kanya.	
<u>Pang-apat na hakbang:</u> Pagkatapos magsagawa ng ramy ay mag-aalay na ng hady kung ang isinasagawang Hajj ay at-Tamattu' o Qirān. Kanais-nais na kumain ng bahagi nito at ikakawanggawa at ipamimigay ang mga nalalabi.		
<u>Panglimang hakbang:</u> Matapos na maialay ang hady ay ipaaahit o paiiksian ang lahat ng buhok sa ulo ngunit lalong mainam na ipaahit. Ang mga babae naman ay magpapaputol lamang ng mga isang pulgada (mga tatlong sentemetro) sa lahat ng dulo ng kanilang buhok.		

Masusing Gabay sa Pagsasagawa ng Ûmrah at Hajj

<u>Pang-anim na hakbang:</u> Kanais-nais na maligo, maglinis ng sarili, magpabango o gumamit ng pabango o anumang mabango, at magsuot ng pangkaraniwang damit.		
<u>Pangpitong hakbang:</u> Magpunta sa al-Masjid al-Harām upang isagawa ang mga sumusunod: a. Tawāf al-Ifādah.¹ b. Dalawang rak‘ah na Salāh sa Maqām Ibrāhīm k. Sa‘y	Mainam na magsagawa ng Tawāf sa araw na ito. Pagsumikapang huwag itong ipagpaliban sa ika-11 o kaya ay ika-12. Sinabi ng Propeta ﷺ; “Gayahin ninyo kung ano ang aking ginawa sa pagsasagawa ng Hajj.”	

¹ Sa Tawāf al-Ifādah ay walang *id’tibā’* at walang *ramal*.

Masusing Gabay
sa Pagsasagawa ng Ûmrah at Hajj



Sa ika-11, ika-12 at ika-13 Araw ng Dhul Hijja

<i>Pagkasunud-sunod</i>	<i>Kuru-kuro</i>	<i>Tsek</i>
Unang hakbang: Sa araw na ito ay kailangang isagawa ang ramy (pagbabato o paghahagis ng bato) sa tatlong Jamrât. (Tignan ang larawan sa susunod na pahina.) Sinisimulan ang ramy kapag lumihis na ang araw sa katanghaliang-tapat at hindi ipinahihintulot na bago sumapit iyon. Magsisimula sa al-Jamrah as-Sughrâ at pagkatapos ay sa al-Jamrah al-Wustâ at pagkatapos ay sa al-Jamrah al-Kubrâ naman. Ang paraan ng pagsasagawa ng ramy ay ganito:	Pagsumikapang hindi makasakit ng kapwa (huwag mangsiko o manulak).	
<i>Pagkasunud-sunod</i>	<i>Kuru-kuro</i>	<i>Tsek</i>
a. Magdadala ng 21 munting bato at pagkatapos ay pupunta sa al-		

¹ Sa kalendaryo ng Islam ang araw at petsa ay nagpapalit sa paglubog ng araw at hindi sa hatinggabi. Nagsisimula ang gabi paglubog na paglubog ng araw at nagsisimula ang araw (day) pagsapit ng madaling araw.

Masusing Gabay sa Pagsasagawa ng Ûmrah at Hajj

Jamrah as-Sughrā at ibabato roon nang paisa-isa ang unang pitong munting bato, habang nagsasabi ng; “Allāhu Akbar” sa bawat pagbato. Sisikaping patamaan ang pader.¹ Pagkatapos bumato ay sunnah na dumako nang kaunti sa gawing kanan, at saka tatayo at manalangin nang mahaba. b. Pagkatapos ay pupunta sa al-Jamrah al-Wustā at ibabato roon nang paisa-isa ang ikalawang pitong munting bato, habang sinasabi ang; “Allāhu Akbar” sa bawat pagbato. Pagkatapos bumato ay sunnah na dumako sa dakong kaliwa, at saka tatayo at manalangin nang mahaba. k. Pagkatapos nito ay pupunta sa al-Jamrah al-Kubrā at ibabato roon nang paisa-isa ang ikatlong pitong munting bato, habang nagsasabi ng; “Allāhu Akbar” sa bawat pagbato. Pagkatapos ay aalis at hindi na mananatili para manalangin. Ang mahina at may sakit na tao ay maaaring magtalaga ng tao na magbabato para sa kanya.		
---	--	--

¹ Uulitin ang pagbato para sa bawat batong hindi tumama sa pader. Ang mahalaga sa paghahagis ng bato ay ang patamaan ang pader.

Masusing Gabay sa Pagsasagawa ng Ûmrah at Hajj

<u>Pangalawang hakbang:</u> Matapos isagawa ang ramy ay pupunta sa al-Masjid al-Harām upang isagawa ang Tawāf al-wadā‘ (Tawāf ng pamamaalam) na binubuo ng pitong paglibot sa Ka‘bah.	Ang babaeng may regla o may nifās¹ ay hindi na obligadong magsagawa ng Tawāf al-wadā‘.	
<u>Ikatlong-hakbang:</u> Pagkatapos isagawa ang Tawāf al-wadā‘ ay Sunnah na magsagawa ng dalawang rak‘ah sa likod ng Maqām Ibrāhīm kung magagawa iyon o kahit saan man sa al-Masjid al-Harām.		
<u>Ika-apat na hakbang:</u> Pagkatapos nito ay kailangang wala nang ibang pang gagawin kundi ang paglisan sa Makkah habang sinasamantala ang oras sa pagsambit ng mga dhikr at du‘ā’ at pakikinig na kapupulutan ng mga aral.	Walang masama kung mananatili nang hindi matagal matapos na magsagawa ng Tawāf al-wadā‘: halimbawa ay maghihintay sa mga kasama o magbubuhay ng mga daladalahan at lisanin ang Makkah. Ngunit ayon sa Sunnah ng Propeta (sas), nilisan niya ang Makkah kaagad pagkatapos maisagawa ang Tawāf al-wadā‘.	

¹ And anumang pagdurogo (bleeding) ng isang babae ilang araw bago manganak na hindi regla o matapos manganak hanggang ika-10 araw.

Masusing Gabay
sa Pagsasagawa ng Ûmrah at Hajj

ANG PAGDALAW SA MADĪNA

Masjid ng Propeta ﷺ

Kanais-nais na magsagawa ng pagdalaw sa Masjid ng Sugo ni Allāh ﷺ upang magsagawa ng Salāh doon. Iyon ay sapagkat naiulat sa Hadīth na ang Salāh na isinasagawa roon ay higit na mainam kaysa sa isang libong Salāh na isinasagawa sa ibang masjid maliban sa al-Masjid al-Harām. Ang pagdalaw sa Masjid na ito ay itinatagubilin sa buong taon, walang takdang panahon para sa pagdalaw rito at hindi rin ito bahagi ng Hajj. Hanggat ang isang Muslim ay nasa Masjid na ito, kanais-nais na dalawin ang libingan ng Propeta ﷺ at ng dalawa niyang kasamahan na sina Abū Bakr at 'Umar—kalugdan sila ni Allāh. Ang pagdalaw sa mga libingan ay para lamang sa mga kalalakihan at hindi para sa mga kababaihan. Hindi ipinahihintulot sa sinuman na hipuin ang anumang bakod na nakapalibot sa libingan ng Propeta ﷺ upang ipahid ito sa alinmang bahagi ng katawan sa pag-aakalang may matatamong biyaya rito, o magsagawa ng Tawāf sa palibot nito, o humarap dito habang nananalangin.

Mga bid'ah na kadalasang ginagawa kapag bumibisita sa Madīna

1. Bid'ah na ang intensyon ay bumisita sa libingan ng Propeta ﷺ, bagkus dapat na bisitahin ay ang Masjid ng Propeta ﷺ.
2. Ang magpadala ng mensahe o pagbati sa Propeta ﷺ sa isang taong bibisita dito.
3. Ang bumisita sa libingan ng Propeta ﷺ bago magsagawa ng mga dasal.
4. Ang tumayo malapit sa libingan ng propeta at magsagawa ng du'ā' at umasa na ito ay kanyang didinggin.
5. Hingin na maging tagapamagitan ang Propeta at hingin ito ng direkta sa kanya.
6. Ang punasan ang paligid ng bakod ng kanyang libingan at humingi ng gantimpala sa kanya.

Masusing Gabay sa Pagsasagawa ng Ûmrah at Hajj

7. Ang sadyang magsagawa ng dasal na nakaharap sa Qibla na may libingan sa kanyang harapan.
8. Magbigay ng salām sa Propeta pagkatapos ng bawat dasal.
9. Ang mamalagi ng Madīna hanggang makagawa ng 40 dasal, upang maprotektahan sa mga pagkukunwari (hypocrisy), at sa apoy.
10. Ang makipag unahan na magsagawa ng dasal sa lumang bahagi ng Masjid at kalimutan ang unahan.
11. Bisitahin ang libingan ng Baqī araw-araw.

Mga Dhikr at Duà sa Araw at Gabi



Masusing Gabay
sa Pagsasagawa ng Òmrah at Hajj

ANG KAHALAGAHAN NG DHIKR¹ AT DUÀ²

Nagsabi si Allāh:

يَتَأَيُّهَا الَّذِينَ ءَامَنُوا اذْكُرُوا اللّٰهَ ذِكْرًا كَثِيرًا ﴿٤١﴾

“O mga sumampalataya, gunitain ninyo si Allāh nang madalas na paggunita.” [Sūrah al-Ahzāb (33):41]

Sinabi pa ni Allāh ﷻ:

وَقَالَ رَبُّكُمْ ادْعُونِيْٓ اَسْتَجِبْ لَكُمْ

“...Dumalangin kayo sa Akin, tutugunin Ko kayo.” [Sūrah al-Ghāfir (40):60]

Isinalaysay ni Abū Musa ؓ na ang Sugo ni Allāh ﷻ ay nagwika: *“Ang pagha-halintulad sa umaalaala sa Panginoon niya at sa hindi umaalaala sa Panginoon niya ay katulad ng buhay at patay.”* [Inulat nina Bukhāri at Muslim.]

PANG ARAW-ARAW NA MGA DHIKR

Isinalaysay ni Uthman (ra) na ang Sugo ni Allāh (sas) ay nagwika: “Walang lingkod [ni Allāh] na nagsasabi sa umaga ng bawat araw o sa gabi ng bawat gabi ng ganito:

“Bismillāhil ladhī lā yaḍurru maàsmihi shay’un fil arḍi wa lā fis samà, wa huwas samī’ul àlīm”

[Sa ngalan ni Allāh na walang makapipinsala sa pangalan Niya, na anumang bagay sa lupa ni sa langit at Siya ay ang Nakaririnig, ang Nakaaalam.]

nang tatlong ulit, dahil walang makakapinsala sa kanya.” [Inulat ni Suyuti (Sahīh al-Jāmi’ #5745)]

¹ Ang Dhikr ay ang literal na kahulugan nito ay pagbangit o pag-aalaala. Ito ay maikling pananalita sa wikang Arabe, na itinuro ni Propeta Muhammad ﷺ, na binabanggit bilang panalangin o pag-aalaala o pagluluwalhati kay Allāh.

² Ang Du’ā’ ay ang mga panalangin ni Propeta Muhammad ﷺ.

Masusing Gabay
sa Pagsasagawa ng Ûmrah at Hajj

Isinalaysay ni Abū Hurayrah (ra) na ang Sugo ni Allāh (sas) ay nagsabi:
“Sinumang magsabi ng:

**“lā ilāha illallāh, waḥdahu lā sharīka lah, laḥul mulku
wa laḥul ḥamd, wa huwa àlā kulli shay’in qadīr”**

[walang Diyos kundi si Allāh; Siya lamang, wala Siyang katambal. Ukol sa Kanya ang paghabari at ang mga papuri. Siya ang may kapangyarihan sa bawat bagay]

nang isandaang ulit sa isang araw ay magkakamit siya ng katumbas sa gantimpala ng pagpapalaya ng sampung alipin¹ at maisusulat [sa talaan ng mga gawa niya] ng isandaang mabubuting gawa at mapapawi ang isandaang masamang gawa. Magkakaroon siya ng pananggalang laban sa Demonyo sa araw na iyon hanggang sa gumabi. Walang isa mang makagagawa ng higit na mainam pa sa ginawa niya kundi ang bumigkas nang higit pa sa kanya.” [Inulat ni Bukhārī]

Isinalaysay ni Abū Hurayrah ؓ na ang Sugo ni Allāh ؑ ay nagsabi:
“Sinumang magsabi ng;

“sub-hānallāhi wa biḥamdih”

[Kaluwalhatian kay Allāh kalakip ng papuri sa Kanya.]

nang isan-daang ulit sa isang araw, pabababain ang mga kamalian niya, kahit pa man kasindami ng bula ng dagat.” [Inulat ni Bukhārī]

Isinalaysay ni Abū Hurayrah ؓ na ang Sugo ni Allāh ؑ ay nagsabi:
“Kapag naabutan ng umaga ang bawat isa sa inyo ay sabihin ang;

Allāhumma bika asbahnā, wa bika amsaynā, wa bika nahyā, wa bika namūt, wa ilaykal masir.’

[O Allāh, sa pama-magitan Mo umabot kami sa umaga; at sa pamamagitan Mo umabot kami sa gabi; at sa pamamagitan Mo

¹ Malaki ang gantimpala ni Allāh sa pagpapalaya ng alipin.

Masusing Gabay
sa Pagsasagawa ng Ûmrah at Hajj

nabūbuhay kami; at sa pamamagitan Mo mamamatay kami; at sa Iyo ang Hantungan.]

“At kapag umabot sa gabi ay magsabi ng;

Àllāhumma bika amsaynā, wa bika asbahnā, wa bika nahyā, wa bika namūt, wa ilaykan nushur.’

[O Allāh, sa pamamagitan Mo umabot kami sa gabi; at sa pamamagitan Mo umabot kami sa umaga; at sa pamamagitan Mo ay nabūbuhay kami; at sa pamamagitan Mo ay mamamatay kami; at sa Iyo ang Pagbubuhay.]’ [Inulat ni Suyuti (Sahīh al-Jāmi’ #353)]

Isinalaysay ni Muadh bin Abdullāh na ayon sa kanyang ama na nagsabi: “Isang gabi ay lumabas kami na umuulan at napakadilim ng langit, at humingi kami sa Sugo ni Allāh ﷻ na magsagawa ng Salāh para sa amin, at amin siyang inabūtan at kanyang sinabi; ‘Kayo ba’y natapos nang magsagawa ng Salāh?’ Ngunit ako ay walang sinabi sa kanya. Sabi niya; ‘Magsalita ka.’ Ngunit ako’y hindi umimik. Sabi niya; ‘Magsalita ka.’ Ngunit ako’y hindi umimik. Sabi niya; ‘Magsalita ka.’ Kaya’t ako’y nagsalita; ‘O Sugo ni Allāh ﷻ! Ano po ang aking sasabihin?’ ‘Sabihin mo ang; “qul huwallāhu aḥad¹” at ang “mu‘awwa-dhatān²” kapag gumagabi at kapag nag-uumaga nang tigtatatlong ulit, makasasapat sa iyo ang mga ito laban sa bawat masama.’ ” [Inulat ni Abū Dāwūd, at ang Hadīth ay Hasan ayun kay Shaykh Albānī]

Ang Ika-112 Kabanata ng Qur’ān

¹qul huwallāhu aḥad, ²allāhus samad, ³lam yalid wa lam yūlad, ⁴wa lam yakul lahū kufuwan aḥad.

[¹Sabihin mo: “Siya Si Allāh ay Nag-iisa. ²Si Allah ay ang Dulugan. ³Hindi Siya nagkaanak at hindi Siya ipinanganak. ⁴At wala Siyang kapantay isaman.]

¹ Ang ika-112 kabanata ng Qur’ān.

² Ang ika-113 at 114 kabanata ng Qur’ān.

Masusing Gabay
sa Pagsasagawa ng Ûmrah at Hajj

Ang Ika-113 Kabanata ng Qur'ân

¹qul â□dhu birabbil falaq, ²min sharri mā khalaq, ³wa min sharri ghāsiqin idhā waqab, ⁴wa min sharrin naffāthāti fil 'uqad, ⁵wa min sharri hāsidin idhā hasad.

[¹Sabihin mo: “Nagpapakupkop ako sa Panginoon ng buhang-liwayway, ²Laban sa kasamaan ng anumang nilikha Niya, ³At laban sa kasamaan ng nagdidilim na gabi kapag sumapit ito, ⁴At laban sa kasamaan ng mga mangkukulam na umihip sa mga buhol, ⁵At laban sa kasamaan ng naiinggit kapag nainggit ito.]

Ang Ika-114 Kabanata ng Qur'ân

¹qul â□dhu birabbīn nās, ²malikin nās, ³ilāhin nās, ⁴min sharril waswāsīl kha-nās, ⁵alladhī yuwaswisu fī sudūrin nās, ⁶minal jinnati wan nās.

[¹Sabihin mo: “Nagpapakup-kop ako sa Panginoon ng mga tao, ²na Hari ng mga tao, ³na Diyos ng mga tao, ⁴laban sa kasamaan ng Tagapag-udyok na palakubli – ⁵na bumubulong sa mga dibdib ng mga tao– ⁶na kabilang sa mga jinnī at mga tao.]

Masusing Gabay
sa Pagsasagawa ng Ûmrah at Hajj

Pangunahing Panalangin sa Paghingi ng Tawad:

Nagsabi ang Sugo ﷺ: “Ang pangunahing panalangin sa paghingi ng tawad ay magsabi; **‘Allāhumma anta rabbī, lā ilāha illā anta, khalaqtanī wa anā ‘abduka, wa anā ‘alā ‘ahdika wa wa’dika mastata’tu, â□dhu bika min sharri mā sana’tu, abū’u laka bini‘matika ‘alayya, wa abū’u laka bidhambī, faghfir lī fa’innahū lā yaghfirudh dhunūba illā anta.**

(O Allāh, Ikaw po ang Panginoon ko. Walang [tunay na] Diyos kundi Ikaw. Nilikha Mo ako at ako ay alipin Mo. Ako ay nasa ilalim ng kasunduan sa Iyo at pangako sa Iyo hanggang sa abot ng makakaya ko. Nagpapakupkop ako sa Iyo laban sa masama sa nagawa ko. Kinikilala ko ang Iyong biyaya sa akin. Inaamin ko sa Iyo ang kasalanan ko; kaya patawarin Mo po ako sapagkat walang nag-papatawad sa mga kasalanan kundi Ikaw.)”

Nagsabi pa siya; “Ang sinumang magsabi nito sa maghapon na nakatitiyak dito at namatay sa araw ring iyon bago gumabi, siya ay kabilang sa mga titira sa Paraiso. Ang sinumang magsabi nito sa gabi na nakatitiyak dito at namatay bago nag-umaga, siya ay magiging kabilang sa mga titira sa Paraiso.” [Inulat ni Suyūti, Sahīh al-Jāmi’ #3674 (Ang Hadīth ay Sahīh ayon kay Shaykh Albānī).]

Ang Panalangin Para sa Propeta ﷺ:

Isinalaysay ni Abū Hurayrah ؓ na ang Sugo ni Allāh ﷺ ay nagsabi: “Sinuman ang mag-Salāh para sa akin ng isang ulit lang, siya ay gagantimpalaan ni Allāh ﷻ ng sampung ulit.” [Inulat ni Abū Dāwūd sa kanyang Sunan (Ang Hadīth ay Sahīh ayon kay Shaykh Albānī)]

Ang panalangin para sa Sugo ni Allāh ﷺ ay ang pagbigkas ng; **“Salla-Allāhu ‘Alayhi wa Sallam.”** [Basbasan at batiin siya (Muhammad) ni Allāh.]” o ang pagbigkas ng;

Masusing Gabay
sa Pagsasagawa ng Ûmrah at Hajj

